MALAY 32 (1) December 2019, pp. 1-23

# Faustino Aguilar: Historyador ng Himagsikan at Pagbabagong-buhay ng Uring Anak-Pawis at Makabagong Kababaihan /

# *Faustino Aguilar: Historian of the Revolution and the Renaissance of the Proletariat and Emancipated Women*

E. San Juan, Jr.
University of Connecticut, USA
philcsc@gmail.com

Isa sa mga mapangahas na nobela ng bantog na manunulat, Faustino Aguilar, ay *Kaligtasan* na isinulat noong dekada 50. Isinadula sa magkahalong mimetiko/simbolikong paraan ang magulong panahon ng Huk rebelyon at ang anti-komunistang kampanya ng CIA at Ramon Magsaysay. Pinagsanib ni Aguilar ang masalimuot na sangkap ng genre ng nobela upang mailarawan ang tunggalian ng uring magbubukid (sa karakter ni Amando Magat) at mapanikil na panginoong maylupa (kinatawan ni Don Rehino). Sinipat sa isang mapanuya't mapanudyong pagsusulit ang ipotesis ng repormistang kalutasan sa problema ng di pantay na dibisyon ng gawain at ng produkto nito. Sinuri ang patriyarkong sistema ng dominasyon at pagtakwil dito. Inilapat ang mga teknik pang-alegoriko sa pagbubunyag ng mga kontradiksiyon sa kaisipan at praktika ng mga tipikal na tauhan at pangyayari. Dahil dito, maituturing ito bilang ulirang akda na isang halimbawa ng pinakamahusay na paglalangkap ng tradisyon ng realistikong panitik at mga makataong simulain at prinsipyong nakasalig sa radikal na pagbabago ng lipunan.

**Mga Susing Salita**: Huk, Kasaysayan, Kontradiksiyon, Lipunan, Naratibo, Panginoong Maylupa, Patriyarko

*One of the most daring, yet still unpublished, novels of the renowned Tagalog novelist Faustino Aguilar is Kaligtasan written during the 1950 decade. It is the only novel so far dramatizing in alternating mimetic/symbolic modes the crisis-ridden years of the Huk uprising and the CIA-led anticommunist campaign of Ramon Magsaysay. Synthesizing the complex strands of the novel genre, Aguilar represents the fierce class antagonisms between impoverished peasants in Luzon and the predatory feudal lords represented by Amando Magat and Don Rehino, respectively. It subjects to satirical and parodic testing the hypothesis of reformist solutions to the unequal division of labor and wealth. It criticizes the patriarchal system of domination and its subversion. By deploying allegorical techniques in exposing contradictions in the ideas and practices*

Copyright © 2019 by De La Salle University

*of typical individuals, the novel exemplifies the highest achievement of the realistic tradition of Filipino writing infused with socially committed ideals and radical principles.*

***Keywords**: Contradiction, History, Huk, Landlord, Narrative, Patriarchy, Society*

> *What kind of justice is it when a nobleman or a goldsmith or a moneylender, or someone else who makes his living by either doing nothing at all or something completely useless to the public, gets to live a life of luxury and grandeur?….I can see nothing [in the existing governments] but a conspiracy of the rich, who are fattening up their own interests under the name and title of the commonwealth.*
>
> *—St. Thomas More*

> *Therefore, whoever tells a lie, however well-intentioned he might be, must answer for the consequences, however unforeseeable they were, and pay the penalty for them even in a civil tribunal…To be truthful in all declarations, therefore, is a sacred and absolutely commanding decree of reason, limited by no expediency.*
>
> *—Immanuel Kant*

> *To be sensuous is to suffer. Man as an objective, sensuous being is therefore a suffering being—and because he feels what he suffers, a passionate being. Passion is the essential force of man energetically bent on its object. But man is not merely a natural being,… He is a being for himself. Therefore he is a species being, and has to confirm and manifest himself as such both in his being and in his knowing… And man too has his act of origin—history—a conscious self-transcending act of origin.*
>
> *—Karl Marx*

> *…at nangakalimot, kusa lamang namang paglimot upang matakpan ang isinagawang pagtataksil… Tinatakan naman tayo ng Maykapal ng pagkapilipino, magpasawalang-hangga rin, upang yumari at bumuo ng sarili nating kapalaran. Kabaitan man ngang ikinararangal ang pagpapatawad, sa pagkakataong ito'y makasusugat sa damdamin ng bayang nag-hirap, ang pagpapaumanhin.*
>
> *—Faustino Aguilar,*
> *Nang Magdaan ang Daluyong (1945)*

## PASAKALYE

Pagkalunsad ng huling akda niya bago magkagiyera, *Ang Lihim ng Isang Pulo* (1926), nagpatuloy si Faustino Aguilar sa paglilingkod sa gobyerno ng Commonwealth (1935-1946) hanggang sa matapos ang Pangalawang Digmaang Pandaigdig. Tila himala ang nangyaring pagkabawi. Mula sa pinsala at terorismo ng madugong pananakop ng Hapon, nailuwal ang Republika bilang isang neokolonya ng Estados Unidos. Nakalilinlang ito sa gitna ng tinaguriang Cold War, ang pagtatagisan ng kapitalistang Free World at komunistang Unyon Sobyet at Tsina. Saksi rito ang digmaan sa Korea (1950-53) at insureksiyon ng Huk (1946-50) sa buong kapuloan. Ito ang heopolitikang milyu ng di pa nailalathalang kathambuhay, *Kaligtasan* (1952).

Batid ng lahat na hindi nagtamo ng tunay na kasarinlan at kasaganaan ang bansa. Sapilitang ipinataw ang lumang orden ng di pagkakapantay-pantay at reaksiyonaryong pamamahala sa di umano'y malayang Republika. Ipinangalandakan ng U.S. ang signos ng demokrasya at kalayaan sa gitna ng malubhang pagdurusa ng mayoryang taumbayan, ng pagsikil sa uring pesante't manggagawa, at marahas na paglapastangan sa kababaihan (balik-tanawin ang *Busabos ng Palad* [1909]). Ironikal o balintuna ang totalidad; kailangan ang mediyasyon ng dalumat o intuwisyon upang maunawaan ang puno't dulo ng krisis. Paano mailalarawan ng manunulat ang balighong daloy ng mga pangyayari? Paano maibubunyag ang kabuktutan ng burgesyang ideolohiya ng mala-sugalang eleksiyon ng 1949, halimbawa? Paano maikikintal sa isip ang mapag-imbot na indibiduwalismo ng mga parasitikong panginoong salot sa lipunan? Nakasadlak ang bayan sa tradisyonal na relasyong "kliyente-patron" na ang primaryang komoditing lakas-paggawa ng nakararami ay pinagsasamantalahan. Paano maipapaliwanag ang kontradiksiyon ng puwersa ng produksiyon (kolektibong pagpupunyagi ng mamamayan) at di-makatuwirang sistema ng dibisyon ng gawaing panlipunan? Ito ang unibersal na temang dumadaloy at sumasagitsit sa mga tauhan at pangyayari rito, isang mapanganib na paksain na siyang dahilan kung hindi nakuhang ipalimbag ni Aguilar ang nobelang ito noong buhay pa siya.

Tiyak kong wala pang komentaryo o anomang puna hanggang ngayon ang huling nobela ni Faustino Aguilar, *Kaligtasan*, na isinulat at nilagdaan noong 24 Marso 1951, sa Sampaloc, Maynila. Isang typescript ng nobela, nakalagak sa UP Filipiniana Library, ang natuklasan ko nitong Enero 2018. Walang ebidensiya na ito'y nailathala na o naipalimbag—marahil, ang katunayan ng istatus nito bilang akdang di pa naisusulit sa publiko ay masasaliksik ng mga iskolar ng bayan. Kung ito ma'y naibahagi na, wala akong nahagilap na banggit o tukoy saan mang publikasyon. Maselan ang paksang-diwang siniyasat dito: korapsiyon ng mga opisyal sa burokrasya, sabwatan ng mga alagad ng batas at mga kriminal, pakikiapid at eksploytasyong seksuwal, at iba't ibang kabuktutang baka hindi masikmura ng karaniwang mambabasa. Dagdag pa rito, ang tema ng sigalot sa nayon at mabagsik na biyolensiya ng mga magbubukid laban sa gobyerno ay mapanganib na hamon sa pamahalaang may malawak na kampanya laban sa malaganap na armadong Huk. Panahon ng Cold War na sinaksihan ng tagumpay ni Mao Tse-tung at komunistang partido sa Tsina at giyera sa Korea sa pagitan ng komunistang Kim Il Sung at kapitalistang bloke ng U.S., Europa, Hapon, atbp. Tiyak na malalantad ang awtor sa galamay ng CIA, CUFA (Committee on Un-Filipino Activities) sa Kongreso, at mga sekretong ahenteng mapanila.

Isa pang titulo ang naitalang naisulat ni Aguilar noong 1951-52: *Ang Patawad ng Patay.* Dalawang iskolar ang nakasulyap nito: sina Lydia Aseneta at Sister Maria Ester Granados. Sapantaha kong apendiks o pasakalye ito sa *Kaligtasan.* Marahil mabibigyang-liwanag ang situwasyon ng dalawang likhang-sining pagkaraang mabasa ang sanaysay na ito at makapukaw ng nakakasulukasok na tanong o kaabalahan. Ilang pahapyaw na obserbasyon tungkol sa *Patawad* ang ihahain sa huling kabanata ng pag-aaral na ito.

Makahulugang agwat ang nagkakawing sa bawat akda ni Aguilar. Mahigit-kumulang sa dalawampu't limang taon ang nakalipas mula noong mailathala ang *Ang Lihim ng Isang Pulo* (1926), at bago rito, labinlimang taon ang humugos bago lumabas ang *Sa Ngalan ng Diyos* (1911). Tila puspusang pagganap ng tungkulin sa pamahalaan, bukod sa pagsusulat. Dapat banggitin ko rito na nakadeposito sa Filipiniana Section ng U.P. Library ang 1,297 dahon ng naninilaw at malutong na pad-paper na talambuhay ng awtor, sulat-kamay sa lapis. Pumanaw si Aguilar noong Hulyo 24, 1955, sa gulang na 73, panahon ng kagulohang lokal at bangayang internasyonal. Sa kabila ng sakit, katandaan, at pag-atupag sa pamilya, sinikap ni Aguilar na ilagom sa mikrokosmong daigdig ng Sulitan ang

katiwalian at kabalighuang laganap sa kapaligiran. Sa pinakahuling obra, isinuma niya ang katalinohan ng makabayang lumahok sa pakikibaka—ang pamana ng mga nag-alay ng buhay at naipunlang hinagap ng salinlahi—sa isang nakakaantig at mapanglaw ngunit matimping testamento ng magiting at dakilang kabayanihan.

**Kadluan ng mga Talastasan**

Bukod sa kalamidad ng Pangalawang Digmaang Pandaigdig, naitala ni Aguilar sa kaniyang memoir, *Nang Dumaan ang Daluyong,* dalawang mahalagang pangyayari ang konteksto ng huling kathambuhay niya. Pagkapanalo ni Mao Tsetung sa Tsina noong 1949, pumutok ang Digmaan sa Korea (1950) na sumukdol sa Peace Truce noong 1953 kung kailan naihalal si Presidente Ramon Magsaysay. Puspos ng madugong kampanya laban sa Huk ang administrasyon ni Elpidio Quirino. Tiyak na hinugot ni Aguilar ang hilaw na materyales mula sa tiwaling eleksiyon ng 1949 at kakila-kilabot na patayang naganap sa terorismong pinawala ni Manuel Roxas noong 1946-1948 sa pamamahala ng JUSMAG at Philippine Constabulary (Constantino 1978, 206-19).

Sa maniobra ni Hen. Douglas McArthur, iniluklok bilang puno ng oligarkong bloke ng mga trapo si Manuel Roxas, na pinawalang-sala bilang kolaboreytor. Sa tulong ni Roxas (at humaliling Presidente Quirino), siniguro ng U.S. na gawing neokolonya ang Pilipinas upang magsilbing base militar sa paglunsad ng interbensiyon sa Asya at Gitnang Silangan. Narito ang ilang tratadong nagpanatili sa piyudal/atrasadong ekonomiya ng bansa: 1946 Tydings Rehabiitation Act (kalakip ang parity clause), 1946 Bell Trade Act, 1947 U.S.-Philippines Military Bases Agreement at Military Assistance Pact, at iba pang kasunduang nagpaunlak sa CIA at Pentagon na manghimasok upang supilin ang Huk at nasyonalistikong kilusan nina Claro Recto, Jose Laurel at Lorenzo Tanada (Simbulan 2018; Abaya 1984). Lumala ang pangkabuhayang lagay ng uring magbubukid at manggagawa na nakaranasang mag-organisa, magsanay at mamuno sa pambansang pakikibaka laban sa Hapong mananakop at kakutsabang kasike't komprador.

Maitatayang ang *Kaligtasan* ay isang paraan ng pagpapakahulugan sa maligalig at nakababalisang kapaligirang lumukob sa bansa pagkaraan ng Pangalawang Digmaang Pandaigdig. Sinalamin at tinasa ang realidad, dinulutan ng makatuturang anyo at ayos sa kongkreto at multi-determinasyong pangyayari sa nobela. Ilang akda ang nabanggit ni Almario na tumatalaktak sa gulo at pinsalang pangkabuhayan noon, ang *Isang Milyong Piso* (1950-51) ni Macario Pineda at *Timawa (*1953) ni Agustin Fabian (1953; tingnan San Juan 2015). Subalit si Aguilar lamang ang tuwirang tumistis at humimay sa komplikadong interaksiyon ng politika at ekonomiya—ang digmaan ng mga uring panlipunan—at ideolohiyang piyudal/patriyarkal sa Pilipinas sa makasaysayang panahon nina Roxas, Quirino, at Magsaysay.

Magusot din sa Europa, Aprika, at Latino-Amerika. Sa kontinente ng Asya, umatras ang mga Pranses sa Indo-Tsina nang matalo sila ni Ho Chi-Minh sa Biyetnam noong 1954. Itinatag ang SEATO noong 1954 bilang instrumento ng U.S. sa Cold War laban sa komunistang Unyon Sobyet at Pulang Tsina. Umpisa na rin ang interbensiyon ng U.S. sa IndoTsina na lumala hanggang 1973 (Garraty and Gay 1117-1135). Sa taong pumanaw si Aguilar, naitayo sa Bandung Conference ang koalisyon ng mga bansang Afrikano't Asyatiko na hindi nasa ilalim ng nagtatagisang U.S.-Free World at grupong Komunista. Mainam na hadlang ito sa nagsasalpukang kampo ng kapitalismo't komunismo na nalusaw sa kasagsagan ng mga rebolusyon sa Cuba, Algeria, Guinea-Bissau, Mozambique, Sri Lanka, Nicaragua, El Salvador, Afghanistan, atbp., bago bumagsak ang martial law ni Ferdinand Marcos.

Masasalat ang atmospera ng milyu ng taong 1945-1950 sa isang dalumat ni Amado V. Hernandez, isa sa biktima ng lokal na McCarthy witchhunt noong buhay pa si Aguilar. Pagtimbang ni Hernandez sa mga usaping kumakalampag noon: "…Ang mga lumang kuta ay giniba ng dalawang giyerang mundial. Ang masinggan ng Pasismo'y nakatutok sa kaligtasan ng daigdig. Walang pananggol sa atomong panlipol at maaaring sa isang bagong kabaliwan ay mapuksa sa isang kisapmata ang lahat ng buhay. Napaimbulog ang tao sa ibang planeta, baka sakaling doon makasumpong ng tunay na Shangri-lang tiwalag sa kalupitan ng kapuwa-tao" (1953). Nakahimatong ng Shangri-la si Aguilar sa pag-alok sa sumukong Huk ng libreng lupain sa Mindanao, na ibinurda rito sa pakikipagsapalaran ni Amando Magat. Nakahuhumaling na alternatibo ito sa pait, sindak at dusang dinanas ng henerasyon niya sa pananakop ng Hapon na naibadya sa librong *Nang Magdaan ang Daluyon*g (1947). Walang hulagway ng Paraiso kung walang impiyernong kaharap. Mas

masukal at malagim ang nayon ng Sulitan noong eleksiyon kumpara sa parang ng Tomayon, ang mala-utopyang espasyo ng pangarap at kaganapan.

**Nabalahong Paraiso ng Imperyo**

Ang pinakakritikal na makasaysayang kalakarang naganap noong huling dekada ng buhay ni Aguilar ay ang paglago't pagbagsak ng Huk na naglunsad ng malakihang pagsalakay sa Establisimiyentong neokolonyal noong 1950-54. Kaagapay nito ang pagsikat ni Ramon Magsaysay (1953-57). Tanyag si Magsaysay sa kaniyang populistang kampanyang sugpuin ang kilusang mapagpalaya, na nag-uugat sa 1896 rebolusyon laban sa Espanya at Estados Unidos. Walang patid ang reklamo ng bayang binubusabos. Patuloy ang pag-aklas ng mga anakpawis sa oligarkyang kasabwat ng imperyalismong Amerikano sa mga kilusang Colorum, milenaryong insureksiyon at Sakdalista, hanggang sa pagbuo ng Hukbong Bayan Laban sa Hapon (Hukbalahap, na naging HMB, Hukbong Mapagpalaya ng Bayan). Matagumpay ang mga anti-Hapong operasyon ng Huk noong 1943-1945. Mabisa ang organisasyon nila sa kanayonan hanggang malansag noong 1954. Namuno sila sa mahigit kalahating milyong mamamayan sa Luzon at Bisaya na di nagtugot matamo ang tunay na kalayaan, ang pagkakapantay-pantay at katarungan (Palmer 187).

Sandaling balik-suriin ang nakalipas. Pasok ang imperyalistang tropa ng 1945 liberasyon ng bayan mula sa Hapon. Malupit na sinikil ang Huk ni McArthur upang ibalik ang status quo ng mga komprador at panginoong maylupa. Pinatawad ang mga kolaboreytor (nangunguna na si Manuel Roxas) at ikinulong muli sa kolonyalismong orden ang bansa sa Bell Trade Act at iba pang kasunduang nabanggit na hanggang ngayon ay sumusuhay sa atrasadong ekonomiya. Suportado ng 90,000 Amerikanong sundalo, sinawata ang Huk at mga progresibong kapisanan (Labor Research Association 1958). Naghasik ng lagim ang papet na administrasyon ni Roxas: isang ebidensiya ng kaniyang pagsunod sa among imperyalista ay ang pagpapatalsik sa nahalal na mga kandidato ng Democratic Alliance/ Partido Nacionalista noong eleksiyon ng 1946 upang maipasa sa Kongreso ang mga kasunduan at batas na nagpapatibay na neokolonya ang bansa. Pasistang patakaran ang namayani kaya nawalan ng kredibilidad ang proseso ng halalan (prosesong nakasentro sa nobela) na naulit noong 1949—penomenong ibinaligtad at minardyinalisa nang lumigid ang naratibo sa panganganak ni Lorina at pagbubunyag kay Mang Tano (ama ni Lorina) ng dayang isinukli ni Don Rehino.

Nakumpleto ni Aguilar ang nobela noong 1951 tatlong taon pagkaraang mamatay si Roxas. Ang eleksiyon ng 1949 ni Quirino, na kinakitaan ng kahindik-hindik na pandaraya at iba pang anomalya, ang naging modelo ng isinagawang halalan sa pagkaalkalde sa Sulitan. Ang pagpunta naman ni Amando sa Mindanao at pagtatatag ng samahang Siray, na naging saligan ng partidong Buklod, ay batay sa repormang ipinasok ni Magsaysay, tulad ng EDCOR (Economic Development Corporation) sa Mindanao, at iba pang propagandang taktikang plano ng CIA (sa sulsol ni Edward Lansdale, puno ng Civil Affairs Office) at JUSMAG (Constantino 116-260). Nahikayat si Aguilar sa EDCOR na naging hulmahan o matris ng utopyang pinangarap ng mga magbubukid, samantalang ang NAMFREL at iba pang partisanong grupo ay naging huwaran ng partisipasyon ng ordinaryong mamamayan sa proseso ng eleksiyon. Isang interlude ito sa bumalahong klima ng bansa.

**Lambong ng Hulagway**

Sa masusing balik-tanaw, hindi lahat ng reporma ni Magsaysay ay nakabighani o dinakila ni Aguilar. Ginamit iyon upang maisingit ang ideya ng mala-utopyang Arcadia (alternatibong moda ng sakahan). Patuloy ang status quo nina Don Rehino, suwitik na cacique at usurero, at kaniyang mga alipores. Bagamat nagkasama muli sina Amando at Sinday, ang kapalaran ni Lorina (na kasal kay Amando) at anak niya ay isang suliraning nagpapagunita sa atin ng bagong sibol ni Danding sa *Pinaglahuan* at supling ni Lusia sa *Nangalunod sa Katihan*—bastardong anak ng lumang sistemang pumupusag at naghahasik ng lagim kahit naghihingalo.

Kaipala'y nagayuma si Aguilar sa predikamento ng babaeng ginahasa o pinagsamantalahan. Sintomas iyon ng paglansag sa Mother Right (halimbawa, Aling Siray, ina ni Amando) at agrikulturang sinapupunan ng pagkain. Ayon kay George Thomson, ang rituwal ni Dionysus sa Gresya, batis ng sining ng trahedya, ay nasa pangangasiwa ng kababaihan upang pagyamanin ang nilinang na lupa (Thomson 1941). Si Aling Siray ay malabirheng patrona ng kabukiran. Mauunawaan itong madali kung isasaisip na alegorya ng bayan

ang sitwasyon ng babae/ina na tiyak ang pagkabuntis kumpara sa mahirap kilalaning ama. Partikular ito sa kolonisadong bayan na haluan ang dugo at kulay ng balat, ang samu't saring hiblang humahabi sa umiiral na kabihasnan. Kaya palaisipan ang ama ng supling, hindi ina. Bumubuko ang identidad ng bansa sa pagkakaunawaan sa isang wika, at kalaunan sa rituwal ng ugali o ethos, minanang kostumbre, saloobin, doktrina ng prehuwisyo, atbp. Pinakatampok ang kuwestiyon ng orihinal o hiram, taal o hibrido, sa kontrobersiyang sumusugba ngayon sa paghahanap sa tunay na Pilipino.

Ngunit hindi mapipigilang mag-usisa: Ano ang pahiwatig nito? Bakit laging modelo ang sawing babae o matalisik na dalaga? Bakit putol ang linahe ng mga anak? Bakit laging naglalakbay ang mga bayaning naglulunggating makapagligtas sa mga kamag-anak, kasama, at kanayon? Matuturol dito ang kawili-wiling motif ng Quest sa romansa at abenturang paglalagalag. Taglay pa sa paglisan at pagbalik ni Amando ang pangako ng isang maluwalhating kinabukasan? O nakasilid dito ang matalinghagang larawan ng trahedya-komedyang istorya ng madugong pakikihamok bago makaraos sa isang payapa't masayang hinaharap? Ano ang signipikasyon ng mga talinghaga't senyas sa espasyong pinalapad (hanggang Cotabato) at panahong kinipil (sa yugto ng eleksiyon at paghahabol)? Trahedya ba ito ni Lorina at Don Rehino? O komedya nina Amando at Sinday? O sintomas lamang sila ng tensiyon sa ironiko't propetikong panitik na nagbubulatlat ng hidwaan ng realidad at persepsyon, ng nadaramang kapaligiran at nakatabing na katunayan (Shroder 28-29)?

Sa kasaysayan ng genre ng nobela, pinaglahok ni Aguilar ang tema ng sagradong mitolohiyang pagtatagisan ng Araw at Kadiliman, puwersang pumapatay at puwersang nagpupurga, at ang artikulasyon ng epikong Quest motif at paglalakbay ng tao mula Genesis patungong Apocalypse sa Bibliya (Scholes and Kellogg 1966, 219-25). Pumapasok dito ang sakripisyo ni Amando sa pagkamatay ng ina, pag-agaw kay Sinday, at panggigipit sa halalan, tungo sa kasukdulang pagwawagi at pagkabawi kay Sinday. Nakakintal dito ang antas ng muling pagkabuhay, mula trahedyang pagsira sa dating orden at pagpapasinaya sa paghimalay o pagligtas sa lumang sangkap upang madulutan iyon ng bagong halaga sa bagong kaayosan.

**Trahedyang Komedya: Indeks ng Modernidad**

Paano maipangingibabaw ang alegoryang disenyo ng nobela? Saglit nating rebyuhin ang kasaysayan. Dagling ibaling ang pananaw at tumutok tayo sa panahon ng pagsakop ng Amerika sa Pilipinas mula 1899 hanggang 1946. Ipokus natin ang isip sa yugto ng Komonwelt (1935-1946) at sa unang taon ng Republika (1946-1951). Maibubuod ang sitwasyon ng kolonya sa ilang obserbasyong batid na ng nakararami, ngunit kailangan sa pagkakataong ito upang madulutan ng salik ng tipikalidad (Lukacs) ang ikinintal na katangian ng mga importanteng protagonista: Amando Magat, Rehino Rivas, Lorina at Sinday, pati na sina Aling Siray, Mang Tano, Mang Sindong, Paulino, Lino, Sikuterat, at politikong kasangkot sa halalang naging okasyon ng pagparada ng katusuhan at katiwalian.

Maimumungkahi ko ang ilang estratehikong katanungan na hudyat sa layon ng sining ni Aguilar. Bakit naitakda sa dalawang grupong naglalaban (isa sa panig ni Amando, isa na kampi kay Don Rehino) ang daloy ng naratibo? Kapani-paniwala ba ang mga personalidad na gumanap? Ano ang ibinabadya ng kilos nila, ng kaisipan at damdamin? Ano ang pahiwatig ng kanilang budhi, aksiyon, at kapasiyahan? Paano naisiwalat sa balangkas ng nobela ang transpormasyon ng ugnayang piyudal sa nayon at pagsibol ng diwa ng komunidad na sagisag ng napipintong masaklaw at malalim na pagbabago ng sistemang neokolonyal? Mahuhulo na ang tipo ng naratibo rito ay paglalangkap ng realistikong mimesis (madetalyeng paglalarawan ng aksiyon), ang romansa ng pakikipagsapalaran sa paglalakbay at pagtuklas ng mga lihim/sekreto (Kermode), at ang didaktikong tendensiya ng pangangaral sa liham, talumpati o pakikipaghuntahan na isinakay sa mimetikong pagsasalaysay (Harvey 1969, 126-40).

Tatlong matinding pangyayari ang dapat pag-ukulan ng masinsing pagninilay kaugnay ng argumento sa kalidad ng nobela. Una, ang paglipat kay Sinday mula sa bahay ng magulang at pagkakulong sa mansiyon ni Don Rehino; pangalawa, ang matagal na pagkawala ni Amando sa Sulitan at masalimuot na pakana ni Don Rehino upang magamit ang kostumbre at gawi ng mga tao sa pagyabong ng kaniyang poder (sugalan, pangungutang, atbp.); at pangatlo, ang kumplikadong maniobra ng mga pangkatin sa halalan, na humantong sa tangkang pagpaslang kay Amando at pagwawalang-bisa sa kagustuhan ng mayorya sa lugar ng labanan ng

mga uring nagsasamantala at uring binusabos ngunit tumututol sa minanang pagkaalipin. Kalakip dito ang pagbabalik ng ina (kalikasan, lupang mabunga) sa kapisanang Siray upang hamunin ang pamamayani nina Don Rehino at patriyarkong kasabwat (pati na si Mang Tano), patuloy sa paglalantad ng ipokrisya nina Don Rehino at Lorina. Sa pagbulalas ng katotohanan naipunlang matagumpay ni Amando ang binhi ng pagbabagong-buhay ng uring anak-pawis sa ibang bahagi ng kapuluan, pahiwatig na may kaligtasang naghihintay sa nakararaming naghihirap na pumapanday ng kayamanan ng bansa.

Nakakawing na rito ang tadhana ni Sinday at pagkabunyag ng larong panunubok nina Don Rehino at Lorina. Kung ipapalagay na ang mga tauhan at kalakaran ay alegorya ng mga nagtatagisang puwersa sa lipunan sampu ng kani-kanilang ideolohiya, ano ang pangkalahatang adhikain ni Aguilar sa pagsasaayos ng ganitong porma ng kathambuhay na iba sa naunang akda niya? Tila nagsawa na sa sakripisyo nina Luis, Celso, Pedro, Eladio at Hinahon. Tila naghunos si Rojalde sa persona ni Amando, at si Danding ay naghiwalay sa dalawang maskara: Sinday at Lorina na kapuwa hugot kina Lusia, Rita at Carmen. Sina Celso, Pedro at Hinahon ay nabuhay muli sa matimpi't matiyagang persona ni Amando na nakahulagpos mula sa tanikala ng panibugho, udyok ng higanti, at mapang-akit na luhong pinagpupugayan ng lahat. Nasisilip na ang dakilang pag-aalay ni Heracleo Palmira sa huling nobela ni Aguilar, *Ang Patawad ng Patay*. Samantala, karnabal ng mga aktor, bida at kontrabida, ang mapapanood natin sa tanghalan ng mapagbirong tadhanang haluang trahedya-komedya.

**Sulyap sa Balangkas ng Salaysay**

Bago kilatisin ang mga temang isinadula sa mga pangyayari't tauhan, tanawin natin ang estruktura ng mythos o pangkalahatang aksiyon. Layon ng akda na lutasin ang krisis ng lipunan—inhustisya, korapsiyon, karahasan, gutom, pagyurak sa karapatan ng tao—-sa paraang mapapaniwalaan. Nais ng akda na kalasin ang buhol ng mga kontradiksiyon sa makarealistikong paraan, gamit ang teknik at estilong mabisa ang dating sa karaniwang mambabasa. Kaunti lang ang importanteng protagonista at isa lamang ang nilulunggati: prestihiyo, impluwensiya, kapangyarihan. Paano mabibigyang-katarungan ang pinagsamantalahang bayani ng komunidad?

Naimungkahi ni Christopher Caudwell na ang daigdig ng nobela ay ang masalimuot na kabuhayan sa makabagong lipunan, kontrapuntal ang daloy ng panahon: "Men's lives blend and overlap and interweave in a complicated tapestry, and the moments rarely arrive when all their minds and emotions are gathered together in one public universal 'I'…Hence the hero of the novel is not like the 'hero' of poetry, a universal common 'I,' but a real concrete individual" (1937, 186-87). Pantasya ang kuwadro kung saan gumagalaw ang anino ng realidad. Sa salamisim itinutugma ng tao ang sarili sa kongkretong kapaligiran. Narito ang mga punksiyon ng mga insidente ayon sa analisis ni Claude Bremond (na hango mula kay Vladimir Propp):

A. Pamumuno sa bayan (depinisyon ng layon): Proseso ng aktuwalisasyon=halalan, pagtitimbang sa mga puwersa sa lipunan tungo sa tagumpay: pagtanggap at pagpupugay ng nakararaming mamamayan----bumubunsod sa susunod na palapag ng mga pangyayari:

B. Paglikha sa larangan = dumaplis sa layon (kulang sa aktuwalisasyon)--sumablay (kabiguan) ngitngit / gulo, hintay muna: bunga ba nito ang Pag-asa?

Kaiba sa simpleng banghay ng mga naratibong naiulat ni Propp, na laging tagumpay ang bayani, sa tulong ng mga mapagkalingang lakas, ang iskema ni Bremond ay sang-ayon sa lohika, hindi sa kronolohika. Ibig sabihin, pwedeng mabunsod sa iba't ibang padron ang pagladlad ng balangkas: komiko, trahiko, kuwentong-bayan, romansa, ironiko o parikalang pihit ng pangyayari, baligho o balintunang pagwawakas (22-23). Taliwas sa palasak na kasukdulan ang paglusaw ng pagkukunwari ni Lorina, at medyo pilit ang pagtakas o pagpapalaya sa sarili ni Sinday sa kuko ng halimaw. Sa ano't anoman, ang patawad ni Amando at pagtanggap kay Sinday ay katumbas ng pagwawagi sa eleksiyon, bagamat bitin pa rin ang pagkamit ng awtentikong lagda ng demokratikong pamamaraan sa paghubog ng kabuhayan ng mayorya.

Sa diskurso at kronolohika ng kuwento, itinanghal ang layong dapat maisakatuparan: ang pag-iisa ng kanayunan sa isang bayaning kinikilala ng nakararami. Sunod ang paghanap o pagdating ng katulong o paraan na makakasangkapan: paligsahan ng kalabaw, kung

saan nagwagi si Amando. Sagisag siya ng kolektibong pagtutulungan ng tao at kalikasan. Nabigo ang bayani sa di pagtalima ng mag-asawang Salas sa kaniyang talino sa paglinang. Nabihag ang babaeng pinipintuho ng mayamang Don Rehino sa isang negosyanteng kasunduan sa yugtong sinaksihan ng palusong o bayanihang itinakda ng mag-asawang Salas. Namatay ang inang mapagpala, si Aling Siray, kaya lumisan ang bayani sa pook ng tagumpay. Naghari ang prestihiyo ni Don Rehino sa pagkukunwari at pandaraya, ngunit bigo sa asawa; di nabuntis si Sinday. Nakaakit ng anak ng isang kauri: si Lorina. Natuto sa paggamit ng mga bayaran, pumasok si Don Rehino sa halalan ngunit nasupalpal sa pagbabalik ni Amando (ngayon ay mariwasang maylupa) na sinuportahan ng kapisanang dumadakila sa ina ng binata na sumasagisag sa budhi at kamalayan ng kanayunan.

Digmaan ng pangitain-sa-mundo, ethos o etikang pangkomunidad, ang sumasaklaw sa maniobra ng dalawang pangkat. Bagamat ginamit ni Don Rehino ang salapi sa pandaraya sa eleksiyon, gaya ng pagsusuhol niya sa mag-asawang Sayas, natalo pa rin siya. Bagamat naloko sumandali si Amando ni Lorina-Don Rehino, naibulgar ang katotohanan at nalusaw ang bunga't bisa ng kayamanan ni Don Rehino. Ginantihan siya ng katotohanan sa taktikang kaparis ng ginamit niya. Nakuhang magpatawad ng mala-Kristong bayani. Kusang yumakap si Sinday sa simulain ni Amando at di umano'y nanumbalik ang masagana't tahimik na panahong lumipas sa naipangarap na maluwalhating kabuhayan sa ibang lupalop kung saan sila ay malaya, masagana, at nagtutulong-tulongan sa lupaing ari ng komunidad. Ngunit maitanong natin: ano ang katayuan ng mga naiwang anak-pawis sa Sulitan at kanugnog-bayan (Pingkian, Balani)?

**Pumalaot sa Trajektorya ng Kasaysayan**

Nagwagi ang unang mithiin sa pakikipagsapalarang tigib ng pagdurusa, kasawian, paglapastangan, pagkutya at pagsusuwail. Makatuturan kung ating hihimayin ang iba't ibang hugis ng panahon sa nobela. Susubukin nating patunayan ang proposisyon ni John Henry Raleigh na sari-saring kategorya ng panahon ang matutuklasan sa nobela dahil sa ideya na "human experience is simultaneously a public nightmare and a private dream" (242). Kakabit ito sa tema ng oposisyon ng namamasid na kapaligiran versus katotohanang nasa likod nito. Maisasambit muli na ang nobela ay pagpapakahulugan sa panahon, na maaaring ipahiwatig sa pagkakaiba ng lugar o espasyo, kaya maingat ang pagsalikop ng lumipas at hinaharap sa pagsasanib nina Amando, Lorina at Mang Tano sa isang tagpong nakapupukaw at kasabik-sabik.

Sa simula ng nobela, ang publikong bangungot ay nakabalot sa pangmadlang panaginip na mabiyayang tinatamasa ni Amando Magat at inang nakaugat sa Balani: "Matahimik, payapa at walang ligalig ang kanilang kabuhayang mag-ina," na patuloy sa pagsasaka dahil ipinangako ng anak sa nasirang amang si Mang Karlos na ititigil ang pagkadalubhasa sa pagsasaka "upang kalingain ang inang naulila." Nagwagi si Amando sa paligsahan ng mga kalabaw, katibayan ng matimyas na integrasyon ng tao at kalikasan. Naging "bayani" si Amando, marubdob ang pagtitiwala sa sarili. Pinapurihan ng lahat ang kaniyang tapang at gilas, lalo na ni Sinday ng Pingkian. Inihandog ang gantimpala sa bahay-ampunan. Ayaw ng kasiyahang pansarili, inuuna ang "paggalang sa kasiyahan ng iba" (8).

Isang halimbawa si Amando ng magiting na bayani ng Renascimiento na tumalikod sa tatlong maselang kasamaan: pagkahilig sa salapi, makasariling pagliliwaliw, at libog sa paghamig ng kapangyarihan (Heller 1978, 310). Nakabuod dito ang katas ng panaginip ni Amando sa talinghaga ng paglinang: "Anopa't ang nilulunggati niya'y makayari sa bawat isang tao, ng 'tunay na tao' at nang kung dumami na ang mga hubog sa bagong palihan, ay saka pagsama-samahin upang katulad din ng palay na kaniyang pinipili muna bago gamitin, ay kasangkapanin sa pagsasabog ng bagong binhi ng kabuhayan, na lalong makatarungan at hindi magpapaluha sa mahirap dahil lamang sa kanilang kahirapan… Iyon ang kaniyang inaasahan, kaya't ang pamumuhay sa bukid ay kaniyang minamasaya at ipinalalagay na katangi-tangi" (4-5). Hango sa agraryong pamumuhay ang metapora ng pagsala't pagpili. Matutunghayan ang ideyang naturalistiko sa romantikong pilosopiya nina Rousseau at anarkista ng Europa na sandaling nagkatinig sa *Banaag at Sika*t ni Lope K. Santos.

Nag-umpisang matikman ang sagwil sa kaniyang pangarap nang "kalakalin si Sinday" nina Mang Sayas at Aling Berta, ang itinuturing na magulang. Tuloy napiit ang kasintahan ni Amando sa bahay ni Don Rehino. Sa tingin ni Doray, nasaksihan niya ang "kakila-kilabot na kabuhungan" at pagtataksil sa pagdukot kay Sinday. Pinilit kausapin ni Amando

isang gabi—tagpong paggunita sa dalaw ni Luis kay Danding sa *Pinaglahuan*—na nabigo sa pagpapatok ni Don Rehino. Anong aral dito? Hindi maigugupo ang piyudal na kastilyo sa tuwirang pagsalakay. Kailangang gapangin at ukabin sa ilalim. Tulad din ng pagtuturo ng bagong metodo ng pagtatanim na tinangka ni Amando, kailangan ang mas tuso't mapanghimok na pedagohiya.

Si Don Rehino ay tumatayong magkasanib na karakter nina Don Hasinto at Rojalde. Sa Kabanata IV, inilarawan ang simulain sa buhay ni Don Rehino, panginoong maylupa at usurero, na sumipsipsip sa dugo ng maraming angkan. Kahawig siya ni Don Hasinto sa *Nangalunod sa Katihan*: ang buhay ay paglalaban ng mga lobo o asong walang nais kundi silain ang kapuwa. Nang mamatay si Aling Siray, ang ina ni Amando, nabuo ang simbolikong komunidad na pinapangarap ni Amando, na siyang humalili sa totem ng ama. Nagpahatid ng korona si Sinday (na ikinasal kasabay ng burol ni Aling Siray) na nagpapaalala na tapat pa siya sa kasintahan. Kaya naibulong ni Amando sa harap ng bangkay na "sugatan ako ngunit hindi talunan" (73). Napigil ang paghihiganti ni Amando sa tulong nina Mang Sindong at Paulino, ang "kulang-kulang" na tagapamagitan sa magkalabang panig, na indeks ng kawalan at kakulangan sa namamayaning kaayusan.

Masasalungguhitan dito ang dalawang hiblang nailangkap: sa burol ni Aling Siray naghunos ang karakter ni Amando, isang malayang indibiduwal na handang bumuo ng bagong komunidad. Sa pagsabay dito ng kasal nina Don Rehino at Sinday, ipinahihiwatig na isang kamalian ang sagwil sa paglunsad ng bagong komunidad: mabisa pa ang kapangyarihan ng lumang institusyon (piyudal, patriyarkal) na humahadlang sa proyekto ng tuluyang kaligtasan ng mga inaapi't dinuduhagi. Paano maipapainog ang mga pangyayari upang makarating sa inadhikang kasukdulan?

**Sa Pagpanaw, Naroon ang Pagsilang**

Di kalauna'y lumitaw ang mala-pantasiyang aktor na may dalawang mukha. Sa pagtatapos ng "Pasiyam" sa ina, antitesis ng "palusong" nina Sayas, nakatagpo ni Amando ang dating kaeskwela na nagpagunita sa kaniya ng matamis na karanasan nila noong kabataan. Ang impresyong nakintal sa malay ni Amando ay babala ng kontradiksiyon ng bangungot at kawili-wiling panaginip. Isang senyas ito na sumalisi ang mistipikasyon ng kamusmusan, kung aalagatain ang mapait na dagok ng tadhana na ginanap ng papel ni Lorina sa huling kabanata. Narito ang lumubog sa isip ni Amando, pumukaw ng memorya ng ina na bumati sa kaniya sa pagbubukas ng nobela:

> Kay saya ni Lorina; ang kaniyang sariwang kabataan ay tila nagsasabog ng mabangong halimuyak sa lahat ng dako, katulad ng malinis na kalangitan, ay nakangiti, at nangangako ng magagandang bukang-liwayway at nang mga gabing payapa na nasasabugan ng maningning na bituin. Nakangiti sa kaniya ang buhay, kinakawayan ng pag-asa, at hinihintay ng isang maligayang kinabukasan. Ang kaniyang puso'y malinis na kayong puti, na wala mang lamang gisi kahit bahagya, at nagpapatotoo sa napakaliligayang mga araw ng kabataan na kaniya nang natatawid. Nahihiga siya sa banig na ginto at kabugtong anak pa, ang lahat na pita ay nasusunod (91).

Dagling ipasok natin ang tanong: Bakit lumisan si Amando at nagtungo sa ibang lupalop? Kababalaghan ang isang pagkawala na hindi mapupunan hanggang sumipot muli bilang kandidato sa pagkaalkalde. Nagbihis ng bagong damit ang binansagang "bayani sa kabukiran." Kinailangang iwanan ang mito ng romantikong kalikasan at mag-umpisang panibago: si Amando ay independiyenteng maykaya, matagumpay sa kaniyang hanapbuhay. Sa bisa ng makabagong komunikasyon, at sa mapangahas na kapalagayang-loob, si Paulino (tauhang tagapamagitan), nadulutan ng distansiya ang damdamin at nakababagot na sitwasyon. Lantad ang diyalektika ng luma at bago, ng nakalipas at dumarating. Maski ang bayani ng Balani ay may karupokang iniilagan, sa kumpisal niya kay Sinday sa sulat—isang sulat din ang maghahawan ng landas upang supalpalin ang malisyosong tangka ni Don Rehino at ibunyag ang katotohanan sa lahat:

> "Hindi kita malilimot, hindi ko kayang limutin ang iyong pagmamahal…at kung gunitain kong ari ka ng iba, na sa ibang itong hindi mo naman iniibig, laban man at lason sa iyong kalooban, ay sapilitan kang nagkukunwari ng pagtatapat, dahil sa pagpapakundangan sa patay-salang na pakikibagay sa "sukat masabi," ay nagigising sa aking damdamin ang kabangisan ng pagkahayop at bago ako makagawa ng anomang kasaliwaan, ay mabuti

> pang lumayo at kung saan man makaabot, ay pag-aralan doon ang pagbabata. Ako ay naniniwala, na iniibig mo at maaaring ibigin, nang di ipagiging hamak, ang isang mabuti at malinis; ngunit hindi ang isang tampalasan o ang isa kayang salarin. Aalis nga akong ikaw ang baon sa gunita at ilaw na tatanglaw sa aking landas" (95-96)

Ayaw gumamit ng dahas si Amando at maghiganti. Nagtimpi ngunit hindi nagpatawad. Nagsa-Kristo pansamantala. Ang pagtatapat ni Amando ay retorikang salag at ulos sa pagkukunwari nina Don Rehino at Lorina, pati na rin sa mga politikong may adyendang kabaligtaran ng kanilang ipinahahayag sa madla (tulad ni Ramon Magsaysay na kusang nagpagamit sa CIA ng Estados Unidos), patunay ng mga historyador at hayag na ebidensiya (konsultahin sina Karnow 1989, 346-53; Constantino 1978, 226-268).

**Rituwal ng Paghuhunos**

Saan nga patungo si Amando? Maimumungkahi ko ang mga pangyayari ng mga taong pinagmumuni-muni pa lamang itong nobela, ang panahong kakikitaan ng mga salamangka ni Sikuterat—ang panahon/ordeng naglaho, isang talinghaga sa mala-Biblikang etiketa: "Sa gayon, nangyari nga." Senyas ng tadhanang hindi masasawata. Pag-inog ng mga pangyayari sa bayan mula 1946, "flag independence," hanggang eleksiyon ng 1949, idinaos ang pinakamaruming botohan sa kasaysayan ng bansa, na itinuwid ni Magsaysay at mga Nacionalistang katulong (Recto, Laurel, Tanada) noong halalan ng 1951. Ano ang intensiyon ng awtor sa pagtanggal kay Amando sa naratibo (nang mailibing ang ina at makasal ang dating kasintahan) hanggang lumitaw siya muli sa alimpuyo ng eleksiyon?

Paglikas sa nayon ng isang nabawasan at pagbabalik na taglay ang malusog na katayuan: ito ang pag-inog ng salaysay sa unang bahagi ng nobela. Alam na natin na bukod sa isyu ng kolaborasyon ni Roxas at pagsupil sa mga gerilya ng Hukbalahap, malubhang ligalig ang nakagimbal sa bayan nang patalsikin ang inihalal na mga kandidato upang di mahadlangan ang huwad na kasarinlan. Noong Marso 6, 1948, idineklarang ilegal ni Roxas ang Huk at Pambansang Kaisahan ng Magbubukid na may 300,000 miyembro (Labor Research Association 1958). Sinikil din ang Congress of Labor Organizations, pinakamalaking pederasyon ng unyon (EILER 1988, 147-49). Nang mamatay si Roxas, nag-alok ng amnestiya si Presidente Quirino. Katakot-takot na paglinlang, pandaraya, at paniniktik ang inihasik ng administrasyon nina Roxas at Quirino. Malaking kabawasan sa bansa ang mga sakunang naganap. Paano maililigtas ang mga naiwan, paano masasagip ang sinalantang sambayanan?

Malaman ang ulat ni Amado Guerrero hinggil sa paghupa ng rebelyon: "Sa katunayan, ang negosasyon sa pagsuko ay naging propaganda para sa kaaway. Nang magkasundo na tungkol sa amnestiya at muling maluklok sa katungkulan si Taruc sa reaksiyonaryong kongreso, ang mga tropa at secret agent ng PC ay tinulutang makisalamuha sa mga Pulang mandirigma… at malayang lumibot sa mga baryo ng Gitnang Luzon" (1971, 74-75). Ganito ang mapapanood sa mga nayon kung saan ang sekretong alagad ng Siray at bayarang ahente ni Don Rehino ay nakisalamuha upang maniktik at ilagay sa panganib ang mga kaaway. Pagkawasak ng kasunduan, masigasig na sinalakay ng gobyerno ang kuta ng mga Huk. Isinalaysay ni Taruc sa kaniyang talambuhay, *Born of the People* (1953), ang mga mabangis na maniobra, panlalansi't panunukso, nabunsod nga sa pagtanggap ni Taruc na sila ang may kasalanan. Ang representasiyon nito sa diskurso ng nobela ay sumasaklaw sa mga anekdota ng pag-uusapan ng mga kandidato, lalo na si David Tatlonghari, at sirkulasyon ng bali-balita at alingasngas mula sa Sulitan hanggang Maynila/Malakanyang, sampu ng maniobra ng Estado at burokrasya.

Nirekord ni Taruc ang kinahinatnan ng pandaraya ng Estado: "The terror immediately launched by Quirino exceeded by far the worst of the Roxas brutalities. Murder, torture, raping, looting and wholesale evacuations ensued across Central and Southern Luzon. The bulk of the victims at the beginning were those who had trustingly registered under the amnesty proclamation of Quirino" (1953, 263). Dumanak ang dugo't bumaha ang sindak mula bundok hanggang siyudad. Ipinagtibay rin ito ng Amerikanong peryodista, si Stanley Karnow, sa kaniyang *In Our Image*: "The race was the filthiest in Philippine history to date. Every device known to fraudulent elections was used.…His incumbency enabled Quirino to bribe local political bosses" (1989, 344).

Sinalamin ang maniobra ni Quirino sa taktika ng pagsuhol at paglinlang ni Don Rehino. Ngunit sa bandang huli, ang eleksiyon ng 1951 ang naging padron ng pagkapanalo ni Amando, bagamat nabitin—isang

parunggit ito ng awtor sa pagkapopular ni Magsaysay at di permanenteng solusyon sa krisis. Umandar sa paglalarawan ng away ng mga partido sa Sulitan ang allegoresis ng klasikong diskurso at Judeo-Christian exegesis sa modernistang nobela na pinaghalong mimetikong diyalogo, historya, talambuhay, kumpisal at repleksiyong sikolohikal, ayon sa mahusay na analisis ng genre ng makabagong nobela nina Robert Scholes at Robert Kellog (1966).

**Intuwisyon ng Palaisipan**

Sa kuro-kuro ko, ang halos dalawang taong pagkawala ni Amando sa Sulitan ay paunawa sa darating na pagtutuos. Iyon ang espasyong pagkakataon ng pagsisiwalat ng mga kasindak-sindak na pagmamalabis ng mga panginoong maylupa, usurero't komprador, at mga opisyal na kriminal—mga alkalde, pulisya, abogadong doble-kara, at lumulutang na lumpen tulad nina Sikuterat (tusong pinagtusuhan), Lucas, Pedro at yaong inarkilang mamamatay-tao. Nakulapulan din ng kabuhungan at kasakiman ang mga kandidato, sina David Tatlonghari, Tolentino Tulindas, Toribio Luwalhati, Dimas (sinuhulang pansamantalang alkalde)—isang karnabal na katumbas ng mapagbirong teatro sa Menippean satire (Kristeva 1986,55-59). Umiral ang sugalan nina Don Rehino at kakutsabang Mang Tano, at mga negosyong kaugnay nito habang nakapiit si Sinday. Lumaganap ang suhulan, pagpapanggap, at "ang puhunang walang kabusugan sa pagtutubo." Sumiklab din ang galit ng mga magbubukid sa marahas na pagsira sa mga kamalig at mga pag-aari ng mga usurero't panginoong-maylupa.

Ang kabuktutan at kasamaan ng eleksiyon ng 1949 ang naging bukal ng mga karanasang inilarawan sa Kabanata XIV hanggang Kabanata XIX. Hindi lamang dayaan—flying voters at pagkasira ng balota—kundi pananakot ng mga sandatahang grupo. Ngunit umurong na sa bundok si Taruc at mga tropa ng Huk. Hindi makapaniwala na natalo ang "panganay ng Sulitan" ng abang kandidato ng Siray. Tinangkang paslangin ang kalaban. Nasugatan si Amando ng mga salarin na inupahan ni Don Rehino (sa tulong ni Sikuterat). Nag-alma ang mga pesante, sinunog ang mga mandala. Sa pamamagitan ng kapisanang Siray, inampat ang baha. Naghandog ng dugo si Paulino upang masagip si Amando; naging "magkapatid" ang etsa-puwera at bayani ng kabukiran. Hindi maikakaila na ang Tomayon sa Mindanao ay signos na tumutukoy sa EDCOR (Economic Development Corps) na proyekto ni Magsaysay. Sa katunayan, 246 Huk lang ang nabigyan ng lupain; ang iba'y mga maralitang magsasaka at tauhan sa Sandatahang Lakas ng gobyerno ang nakinabang (Constantino 1978, 240-41). Propaganda ng Cold War ang nasaksihan. Natatangi ang nobelang ito sa mabusisi't kapani-paniwalang pagsasalaysay ng mga anomalyang naranasan ng maraming karaniwang mamamayan sa yugtong ito ng ating kasaysayan.

Sa palagay ko, ginamit lamang ni Aguilar ito upang imungkahi ang utopyang panagimpan sa kuwentong-bayan tulad ng alamat ni Maria Makiling. Walang makatuturang detalye ang nailahad niya bukod sa "maluwag na pagbabayad ng utang," lupang mataba sa Tomayon, atbp. Balita ni Amando kay Lino, ang puno ng partidong naitayo nila: "Kaunti lamang na pagsusumakit ang pupuhunanin, at ang kaligtasan ay matatamo. Bakit hindi nga mamabutihin ang pangingibang-bayan kung ang ginhawa ang nilulunggati" (445). Sa kasalukuyan, ang OFW (Overseas Filipino Workers) ang kumikita ng dolyares upang sagipin ang napariwarang ekonomiya. Isang mapanuyang paraan sa pagresolba ng piyudalismo ang pangingibang-bayan (Moore 1966, 332).

Subalit hindi maikakaila na ngayon, circa 2020, wala nang nakatiwangwang na lugar sa Pilipinas na magdudulot ng sagana sa isang magsasaka tulad ni Amando na walang puhunan liban sa talino at sigla—sarado na ang ipinangalandakang karera para sa mga kabataan sa neokolonyang kontrolado ng malupit na oligarkiyang kasabwat ng imperyalismo. Pati Lumad at Bangsamoro, na katutubong lahi sa Mindanao, ay sapilitang itinataboy mula sa kanilang minanang lupain na nagsisikip sa mga dayuhang korporasyong mabangis na sumisira't gumagahasa sa ekolohiya ng buong bansa.

Simpleng lohika ang nakabuyo kay Amando. Kung nagsisikip sa Luzon, bakit hindi lumipat sa Mindanao na taglay ang kaunting populasyon at bakanteng lupain? Hindi napansin, o kusang binalewala, ng rehimeng Magsaysay ang demanda ng mga Moro at Lumad. Mungkahi lamang ito, sapagkat nasipi ni Amando si Rizal—"Walang alipin kung walang paalipin," at inihabilin sa mga kapanalig: "Tapos na ang pag-aatubili. Ang mga alinlangan at takot, na ginugunita lamang namang panganib, ay hindi dapat makapigil sa pag-uusig ng ginhawa… Dapat samantalahin ang lakas ng kabataang taglay ng bawat

isa, sa pagtuklas ng lideratong matatag, matibay at palagian" (445). Sa halip na karismatikong bayani na kakabit sa populismong kilusan (Raby 1983), idiniin ng naratibo na mas makabuluhan ang organisasyong may matalino't matibay na pamunuan kung malawig at malawak na transpormasyon ang mithiin. Ang bisa ng minomobilisang pulutong at siksikang madla sa politikal na pakikibaka ay napatibayan na sa kasaysayan sa Europa at iba pang lupalop (Rude 1980). Kaya sa espasyo ng sagupaan ng mga kriminal tulad ni Sikuterat at taumbayan, ang nagtatagisan ay salapi, dahas, katusuhan, at kahayupan.

**Mula Karisma Patungong Organisasyon**

Si Taruc kaya ang padron ni Amando? Bagamat ingkilino rin ang mga magulang ni Taruc sa Bulacan, ang pakikipagkaibigan niya kay Pedro Abad Santos, tagapangulo ng Partido Socialista noong ika-30 dekada nang nakaraang siglo, ang nakahubog sa kaniyang pagkaradikal (Simbulan 2018, 51-55). Kay Taruc, ang pagkakaroon ng lupa at demokrasya ay siyang kahulugan ng sosyalismo. Magkaibayo sa pinanggalingan, ngunit kahawig siya ni Amando na kumbinsido sa ideyang mapayapang pagbabago na pwedeng bumulwak sa isang madugong rebolusyon. Wika ni Taruc sa isang panayam: "We cannot [achieve socialism] by the quick and violent process of the communists—our country being basically Christian, our people basically democratic. They wanted to be evolutionary. But we will come to that, kapag sumama nang sumama, magrerebolusyon… It will come by historical logical development" (Orejas 2005, 20; sa paksang ito, tingnan San Juan 2019). Para kay Amando, magkatuwang ang kalikasan at mapanlikhang dunong ng tao sa paglinang at pagpapaunlad ng kabuhayan.

Dukalin natin ang problema ng rebolusyonaryong transpormasyon ng lipunan. Ating tandaan na hindi isinaisantabi ang rebolusyon sa marahas o iba pang paraan, kundi inilakip iyon sa pagsulong ng gawi, hilig, dalumat, at saloobin ng sambayanan—ang taguring *Sittlichkeit* ni Hegel (1977, 266-293; Taylor 1979, 125-34). Tumutukoy ito sa hegemonya ng isang estilo ng kabuhayan, isang moralidad at praktikang gumagabay sa bawat kilos, isip, at damdamin ng mayorya. Natalakay na ito sa kategorya ng ideolohiya, estruktura ng damdamin o sensibilidad, ethos o parametro ng maramdaming kabatiran. Wala pang hegemonya ang proletaryado o partido nito sa ating bayan. Nagkamali ang liderato ng Partido Komunista (nina Lava at Pomeroy) noon na itinuring na handa na ang bayan sa madugong rebolusyon, na dumating na ang "revolutionary situation" noong 1950.

Nang madakip ang Politburo noong Oktubre 1950, nabisto na walang mapanghimagsik na pagpapasiya ang mayorya kundi hinampo, sama ng loob, pagkainis, pagkagalit o pagkayamot ng marami sa kahirapan ng pamumuhay (Saulo 1961, 707-707). Hindi rin kasangkot ang Bangsamoro o mga Lumad sa isang "integrative revolution" na kailangang isangkot ang iba't ibang etnikong pangkat sa iba't ibang rehiyon (Geertz 1973). Pansamantalang disposisyon o panagano lamang iyon, hindi hustong pagtiwalag sa status quo. Nalustay ang pinuhunanang buhay ng mga Huk na mahigit 100,000 gerilya, na may mahigit na 30,000 ang armado (Orejas 2005, 20). Maraming nasawi, maraming nabilibid, maraming pamilyang naghirap.

Ang sakuna ng Oktubre 1950 ay hudyat ng pagbagsak ng kilusang Huk. Ang pinatanyag na kontra-bida kay Luis Taruc ay si Ramon Magsasay. Sa palagay ko, si Magsaysay ang idolo o ikon, hindi iyong tunay na politiko kundi ang aura o karisma niya, na nag-udyok kay Aguilar na ihulma si Amando sa pinagpupugayang anyo ni Magsaysay noong panahong hirangin siyang Sekretaryo ng Kawanihan ng Tanggulan. Ang malaking kaibhan ay antagonistang puwersa sa gobyerno ang kapisanan ng Siray at ang kapanalig ni Amando. Si Don Rehino ay siyang patron ng mga burokrata-kapitalista sa gobyerno.

Ang halimbawa ni Taruc, bagamat tinalikdan niya ang dating mga kapanalig sa Partido, ang umaalalay sa tipong sensibilidad ni Amando. Tinatanaw ni Amando para sa kaniyang mga kapanalig ang pagtutulungan sa pagdisenyo ng isang "bagong-bago, na paghaharian ng magsawalang-hanggang katarungan, ng tunay na pagkapantay-pantay at ng palagayang magkakapatid" (453)—ang programatikong simulain ng rebolusyong Bolshevik at digmaang-bayang pinamunuan ni Mao Tsetung sa Tsina. Kaipala si Amando ay heraldong anghel ng napipintong himagsikan.

**Pag-inog ng mga Kontradiksiyon**

Natalakay na sa itaas ang pagsulong ng historya o tuwirang salaysay na kaiba sa diskurso, sa balangkas ng mga pangyayari. Pinamagitnaan ito ng mga insidente o anekdotang kaugnay ng pakanang lihim at estratehiya

ng pagkubkob sa mga taga-Sulitan. Sinalitan ang pagbubuntis ni Lorina sa Tomayon at ang pagbunyag ng katotohanan ng magandang paglilirip sa utopyang lilikhain, ang "timbulan ng pagkakatubos," ng mga namulat sa Sulitan. Maulap na ang panganorin.

Sa Tomayon nakamit ni Amando ang kaniyang lunggati, ang paghilom ng kaniyang kabiguan sa nayon bilang guro/tagapayo sa mabuting pagsasaka. Hindi tumalab ang siyensiya sa mga panginoong maylupa sapagkat mura at marami ang trabahador na mauupahan (tulad ng mga obrerong naglipana sa lansangan na namalas ni Luis sa *Pinaglahuan*). Matagumpay ang kaniyang pagpunta sa ibang lugar: "Ang basbas at pagpapala ng kalikasan, ay nagpapatanaw na, at araw-araw si Amando ay nagkakaugat sa kanilang mga puso. Anong laki ng kasiyahang loob nito sa nakikitang pagpupuri ng mga kasama ngayon, sa kaniyang mga aral at pahiwatig. Nagugunita tuloy kung minsan ang 'katigasan ng ulo' ng mga Mang Sayas sa Sulitan, na sa paninindigan sa pinag-ubanang mga pagkakamali, ay nangabigo at patuloy na nabibigo. Kahabag-habag na mga taong mapilit sumalungat sa agos. Sayang sa kanila ang panahon!" (441).

Sa harap ng itinakdang situwasyon ng kasaysayan, sinipat ni Amando ang maaaring tahaking landas, ang maaaring kasangkapanin upang maisakatuparan ang bisa ng kalayaan. Lumalabas na biyaya ng kalikasan at panahon, katambal ng pagpupunyagi ng mga kasama, ang tagumpay ni Amando sa Tomayon. Gayumpaman, nagwagi ang "bayani ng kabukiran" dahil sa hikayat ng matandang kostumbre—hindi ipinagbibili ang kanilang dangal—at, bukod doon, mataas ang perspektibang moral na taglay niya sanhi sa paggalang sa kinagawian at kinamihasnan. Balintunang lubos ito kung isasaisip na si Amando ay repormista, tutol sa umiiral na sistemang piyudal, at matandang ugnayang sekswal. Tunay na sapot siya ng sapin-saping kontradiksiyon na mikrokosmo ng malawakang tunggalian ng iba't ibang sektor/lakas sa rumaragasang daloy ng modernismong kabihasnan sa mga liblib na sulok ng kapuluan.

Dumating na tayo sa kasukdulan ng nag-aalimpuyong sikad ng mga pangyayari. Sa huling Kabanata XXXII, binalikan ang pagsasadula ng kontradiksiyon nina Amando, Lorina, Sinday at Don Rehino. Ang diskurso'y may himig melodramatiko, tulad ng mga popular na TV serye, palibhasa'y triyanggulo o tatsulok ng pakikitungo ang kasangkot. Una muna'y ang komprontasyon nina Sinday at Don Rehino. Ipinagmalaki ni Sinday ang pag-ibig niya kay Amando; pagkatampal kay Sinday, panoorin ang mala-hunyangong tagpo:

> Sabay sa pagtayo ng babae, na isang kumikislap na balaraw ang kinuha sa pagkakasukbit.
>
> —Tampalasan!—ang sinabing nangangatal ang tinig. —Uutasin kita pag ikaw ay lumapit. Hindi pa ako nagwawalang-hiya sa iyo; ang pag-ibig ko sa dating kasintahan, na iyong nakawan sa pagsabwat ng aking mga magulang at sa paggahasa mo naman sa akin; ay pag-ibig na malinis at wala pang bahid dungis. Mananatiling makinang at may mataas na uri, na babaunin ko hanggang kamatayan. Umalis ka, iwanan mo akong mag-isa, nilagot mo, sa iyong pananampalasan, ang marupok nang tali ng aking pagkakatnig sa iyo; ngayon ay wala na akong asawa at wala na rin namang panginoon. Lumabas ka, kung ibig mong mabuhay!"
>
> Samantala, sa dulang itong nangyayari sa silid ni Sinday, ay napasabay naman ang tuusan na ipinaghihintay ng ukol na panahon ni Amando, sa silid ng pagamutan.
>
> Kaharap si Mang Tano, na sadyang isinama ni Amando. Ang matanda, na walang kamalak-malak sa nangyayari, ay nagitla na lamang nang marinig ang mga unang salita ng manugang.
>
> —Hinihintay kong pagtatapatan mo ako, Lorina, sa aking itatanong. Sino ang ama ng sanggol na iyan?—at itinuro ang sanggol na kasususo pa lamang. (464)

Ikintal sa imahinasyon ang tagpong ito na tigib ng nakapupukaw na sumbat at babala. Nakayayanig ang interogasyon ng lalaking asawa sa babaeng kayakap ang bunso. Isang tanong na umaalingawngaw sa kasaysayan buhat pa nang ipanganak sina Cain at Abel: sino ang tunay na ama ni Cain? Tandaan na si Mang Tano, na isang panginoong maylupa tulad ni Don Rehino, ay kasapakat ng usurero at kaulayaw ng anak. Ang dangal ng pamilya ang nakataya, "ang puring pinag-aalinlanganan," wika niya. Umilag at nagkaila. Payo ni Amando: "Huwag kang matakot sa katotohanan…ang katotohanan ay magbibigay-buhay, hindi nakamamatay." Himig-sermon na angkat mula sa Bibliya, maipaparunggit. Sa kabilang dako, mahuhulo na ito talaga ang matrix o sinapupunan ng sagot sa problema ng halaga at kahulugan ng pakikipagkapwa at pakikipagdamayan sa lipunan.

**Artikulasyon / Polarisasyon**

Sa wakas, humantong tayo sa krisis ng identidad ng rasyonal na indibiduwal laban sa mito, pamahiin, relihiyon. Nakasalang ang dangal ng lalaki na hango sa ethos ng nobilidad, hindi uring burgis (Ossowska 1970, 154-55). Kaya salungat ito sa *Categorical Imperative* ni Kant na katungkulang unibersal na magsalita ng katotohanan, sinoman ang masaktan (1994, 280-81). Para kay Amando, ang kaniyang dangal ay nakakawing sa kaniyang partikular na posisyon, hindi kasangkot sa iba pang tao labas sa kamag-anakan. May kulay ng hubris ang demanda ni Amando. Kasali si Don Rehino sa sirkulo ng mga angkang nagtutunggalian. Ibinigay ni Amando kay Lorina ang sulat ni Don Rehino na nagkukutya at nag-iinsulto sa pagkalalaki ni Amando. Sagupaan ba ito ng mga barakong ego o paghahamok ng dalawang uri ng pagkatao?

Subaybayan natin ang pagsasaayos ng maigting na harapan ng dalawang protagonistang dati'y magkaibigan sa pagkababata, Ngayon, ang babae ay nakapailalim sa batas ng herarkiyang makapatriyarko sapagkat kailangan ng sanggol ang pangalan ng ama upang magkaroon ng identidad sa lipunan. Walang saysay ang angkan ng ina sa burgesyang orden na nagpapanatili sa katayugan ng lalaki/ama na may pribilehiyong magmana o ipamana ang lupain at yaman sa mga anak:

> Sandaling nagkatinginan ang magbibiyanan hangga't binabasa ni Lorina ang sulat. Nakita nilang biglang napawi ang hapis sa mukha nito at ang luhang nagsimula ng pagbalong, ay biglang kumati. Tila may nagpapakilos sa kaniya ngayong isang bagong damdamin, at pumipilit na siya ay magtapat. Oo, magtapat upang matubos. Ilahad ang "kaniyang katotohanan" upang maging dapat man lamang sa pagkaawa ng mga dapat magpatawad.
>
> —Isandig mo akong mabuti, aking giliw, —ang may paglalambing na pita kay Amando, na buong kaluguran namang sumunod—Ganyan—ang kaniyang sabi nang mapasandig ng patag—at ang ulo ng asawa'y kinabig upang kintalan ito sa pisngi ng isang halik na matagal—Napapamahal ka na sa akin, at ipagdadalamhati ko ang iyong paglayo—ang bulong na tila pinapagsasalita ang kaluluwa—sapagkat lalayo ka na sa akin, pagkatapos mong marinig ang aking pagtatapat.
>
> Nagsimula ang pagtatapat. Dahan-ahang ang mga salita ay pumapanaw sa kaniyang mga labi, ng walang hinanakit at walang paninisi. Bagkus ang sarili, ang siya lamang pinapanagot sa nangyari. Maging ang mga pamamaraang ginamit ng humibo sa kaniya, na sa tuwirang sabi'y tunay na mga panlilinlang, na magagawa lamang ng sa lapit ng lakas na hawak; ay napalagay, sa kaniyang pagsasalaysay, na hindi pagdaraya kung di mga pakitang giliw, na lalo niyang ikinabuyo. Siya nga lamang, at tanging siya, ang dapat na managot.
>
> Datapwat siya naman ay umasa, na ang pagkakapag-asawa kay Amando, bagay na kaya nangyari at kanilang pinagkaisahan, ay upang mailayo ito sa dating kasintahan, sa ikapapanatag ng naninibugho; ay magiging dapat sa paggalang nito at pagpipitagan sa "lihim" na dapat mapatago. Iyon pala'y hindi at siya pa ang magbibilad ng kahihiyan sa hangad lamang, ito'y walang pagsala, na paghihigantihanang makalaban at kinakalaban pa, hanggang ngayon. Ang gayong pagpapahamak ay lubos niyang kinasusuklaman, pagka't naglalahad ng katotohanang siya pala ay imbi. Mapabuti lamang ang sarili, ay mapisanan na ang lahat (465-466).

Matapang na sinalo ni Lorina ang hagkis ng tadhana. Sa ano't anoman, masalimuot ang mga implikasyong etikal at moral sa pagkumpisal na ito, sa harap pa ng ama, na pumutok ang galit nang malaman na ang kaniyang pinagkakatiwalaang kaibigan ang nagsamantala sa anak. Humingi ng patawad, ibinigay sa kaniya ni Amando, ang napagtaksilang asawa. Nabawasan ba ang kahihiyan? Nabawi ba ang naputikang dangal? Sa masinop na pagkukuro, hindi ba mabagsik na ganti ito sa taong nagsamantala sa kaniyang pag-ibig, kay Sinday? Umangat ang palapag pangmoral na kinatatayuan niya dahil siya, ang pagmonopolisa sa katawan ng asawa, ay pribilehiyo niya.

Matinding palaisipan ang humarang sa ating pagbabasa, nakapagitan sa dalawang katawan ng mga nagtalik: sa paglubog ng barko, sino muna ang sasagipin: anak o ina? Sa rasyonal na pagtimbang, ipinasiya ni Amando na kailangang umiral ang katotohanan, sinoman ang masaktan, sapagkat ang kabulaanan, kasinungalingan, at pandaraya/kataksilan, nakaugat sa indibiduwalistikong kapakanan, ay

hindi matatag at matibay na pundasyon ng anomang lipunan. Samakatuwid, hindi rin masasang-ayonan ang paghahari ng anarkiya sa pamihilian sapagkat ang nagwawagi sa kompetisyon ay ang mga maylupa, may-ari, mga panginoong lumupig sa kapwa.

**Hinagap na Humihiwang Magkabila**

Pag-isipan natin ang interseksiyon ng mga pangyayari. Sa kabanata bago magsilang ng sanggol si Lorina, naibulalas na ni Amando ang kaniyang hinala at galit. Pagkatapos na masiglang ipangalandakan ang kabutihan ng Tomayon at ang maluwalhating kinabukasan ng naninirahan doon, biglang bumaling ang diwa sa asawang nagtaksil sa kaniya. Melodramatikong pagpihit ito. Tiyak na inihahanda tayo ng awtor sa pagsunod sa siklo ng batas ng kalikasan: halimbawa, pagkaraan ng buhawi, huhupa ang maalimbukay na hangin at papayapa ang panganorin:

> Sumusubo ang kaniyang dugo at sa panulat niya'y bumubuga ang apoy ng kapootan, ang pag-iring at pagkutya sa babaeng bilasa na pala, ay nagkaloob ng makunwaring makinis at walang lamat.
>
> Oo, hindi niya akalaing ang pagpapanggap ni Lorina ay naging puspos, na di nahalata ng kaniya namang hindi mahinang pandamdam. Pinag-aralan marahil na talaga, sa turo at pamamatnugot ng isang matalino at bihasang guro; kaya naipandaya ng lubos. Ngunit may ibig tarukin palibhasang 'katotohanan,' ang maapoy na dalawang sulat naunang nayari, ay pinunit; at pinalitan ng huling siyang minabuti, na nagbibigay loob sa asawa. Na gumagamit siya ng di marangal na paraan? Hindi niya mapagsisisihanang ganito at lalo namang hindi maisusumbat sa sarili, sapagkat kailangan niyang makarating sa paroroonan; at kung bagaman ay wala siyang ginagawa kung di gumamit lamang ng paraang ginamit naman laban sa kaniya (445).

Mapapansing maingat at mapagkalinga ang hilig ni Amando, hindi magpapalalo o magpapasasa sa panibugho, galit, o hinampo. Mahigpit ang kontrol niya sa damdamin at udyok ng pagdakila-sa-sarili. Ngunit natimplahan ba ito ng simpatiya o pagdamay sa katayuan ni Lorina? Matinik ang iba't ibang aspekto ng katotohanan (sa masalimuot na paksang ito, sangguniin si Ricoeur 165-91). Sa init ng pakikihamok ng dalawang patriyarko (Amando at Don Rehino), tiyak na magiging sakripisyo ang babae sa tipo ng katotohanang pabor sa lalaking nagkupkop.

Hindi nakapagtataka ang pag-ikot ng damdamin ni Amando. Kung babalik-suriin, ang nagsasalising kalooban ni Amando ay hango sa kaniyang babala kay Lorina nang sila'y ikasal. Kumpara sa mahalagang alahas na inihandog ni Don Rehino, ang regalo ni Amando ay simbolo ng espadang pumagitna sa mga katawan nina Tristan at Isolde sa mito ng kanilang maginoong pagsusuyuan. Magkahawig at magkaiba ang sitwasyon.

Rebyuhin natin ang eksenang nauna. Narito ang nakapananabik na pagkagulat at pagkagambala sa maramdaming budhi ni Lorina, ang dalagang hindi birhen kundi malapit maging ina, nang buksan ang balutang handog ni Amando. Pinakamahiwagang eksena ito sa buong nobela, balot ng ambigwidad at paradoha:

> Kumakaba ang dibdib ni Lorina….Ano kaya ang padala ni Amando? Mahigit kaya, kauri man lamang o mababa kaysa alay ni Don Rehino, ang kaniyang matamis na "kahapon"? Noon di'y nagliliwanag ang katotohanan! At nagliwanag nga ito, nang ang balutan ay mabuksan na.
>
> Isa ring maliit na lalagyang katulad ng kaniyang tinanggap kay Don Rehino, ang napatambad sa kaniyang paningin at ang nakatago sa sinapupunan ay gayon ding mga hiyas, ganap na magarang palamuti ng isang babai; ngunit may dagdag na isang tila pantusok, na, hindi ginto kung di matalas na patalim, na may puluhang lantay na gintong natatampukan ng isang nagniningas na batong maningning.
>
> Napamulagat sa kaniyang nakita, at sa matagal na hindi pag-imik ay pinagwari-wari ang kahulugan ng gayon. Sinalat ang dulo at nagulumihanan siya sa katalasan. Kung iyon ay patalim na pantaga, ang katalima'y hipang-buhok at kung pananundo't naman, gaya ng tila siyang mapaggagamitan, ang kahayapan at ang talas ay nagtitipan ng isang tagusan at pamatay na sugat. Bakit baga isinalit ni Amando, sa maringal na mga hiyas na kaniyang alay, ang kasangkapang iyon sa pagpatay o pagpapakamatay naman kaya? Bakit?

> Sa maiksi, ngunit makabuluhang liham na nakitang nakatiklop sa ilalim ng lalagyan, ang sagot, sa kaniyang itinatanong sa sarili, ay nabatid na maliwanag at walang alinlangan. Anang liham: "Sa babaing aking aariin, ay inihahandog ko nang boong pagpapakumbaba ang hamak na nakaya ng aking kadahupan; ang mga hiyas ay upang ikatampok ng kaniyang iwing alindog at kagandahan, at ang patalim ay upang gamitin naman sa paniningil kung may pagkukulang akong hindi na maipatatawad o sa pagpaparusa naman kaya sa sarili, sakaling may magawang hindi na maipatatawad ng nagninising budhi (399-400)

Sandaling pagmuni-muniin natin ito. Tulad ng espadang nakapagitan kina Tristan at Isolde sa mito, iyon ay sumpa ng dalisay at aristokratang pag-iibigan: malinis, walang bahid na kamunduhan, tandisang wagas at walang dungis. Sagisag ng pagtatalik ng dalawang busilak na kaluluwa. Ngunit tadhana'y hindi mabiyaya. Ganito rin ang pahiwatig ng balaraw ni Amando: may panig na makasalanan, may panig na magpapatawad, na tahasang depinisyon ng konsepto ng diyalektika. Kambal na aksyon ang maibubunga ng makabuluhang regalo. Ipagpatuloy natin ang pagmasid sa nagambalang konsiyensiya ni Lorina:

> Ang gayo'y maliwanag, sinliwanag ng sikat ng araw. Nahihintakutan sa kaniyang nabasa, na nagpapasalamat kay "Tata Sindong" at saka nagkulong sa sariling silid na dala ang alay ni Amandong gumulo na di ano lamang sa kaniyang isip.
>
> Dinidibdib palang talaga ni Amando ang paglagay sa tahimik. Totohanan at sadyang tinototoo pala ang pag-aasawa sa kaniya, na sa pasimula pa lamang ay maliwanag nang inihahanap niyang katugong pagtatapat. Isang pagtatapat na malinis, wagas at dalisay, na sa malas ay tangka niyang pagtamanan.
>
> —"Upang gamitin sa paniningil kung may pagkukulang akong hindi na maipatatawad at sa pagpaparusa sa sarili sakaling may magawang hindi naman maipatatawad ng maninising budhi"—ang sinabi-sabi ni Lorina.
>
> Kakila-kilabot ng mga salita iyon, hudyat ng sukat mangyari. At siya, na sa pakikiisang-dibdib na iyon, ay alanganing nagbibiro at alanganing nagtototoo, ay nanglulumo sa pag-aakala ng sasapitin, sakaling mapabilad ang tunay na mga dahilang nagtulak sa kaniya upang akitin si Amando na magpakabuyo hanggang sa matalisod.
>
> Sumagid sandali sa kaniyang isip ang pag-urong sa gagawin. May panahon pa at maraming madadahilan, nguni't muling pinasuko, ang paghihimagsik ng kalooban, ng malaking pangangailangang magka-ama ang kaniyang anak. Ito ang pinakamalaki niyang dahilan, at si Amando, dahil sa mga nangyari na, ay nagpipilit na maging ama kundi matutuloy ang kanilang pag-iisa (400).

Pinagnilayang mabuti ni Lorina ang mga katagang may magkatumbalik na pahiwatig, na tumuturol sa paglalaro nila ni Don Rehino sa kawalang-hinala ni Amando. At kumutob ang pusod ng kaluluwa ng babae.

**Hinahanap ang Ama, Natagpuan ang Naulila**

Sandaling igiit muli ang layon ng ating pagsisiyasat. Ang tema ng nobela ay "kaligtasan", katubusan sa masahol na kalagayan. Nasukol tayo sa lipunang pinaghaharian ng malulupit na panginoong maylupa, usurero/komprador, korap na opisyal, mga alipores na kriminal, at iba pang yagit. Nakaluklok sa likod ng magayumang tabing ang tagamaniobra nila: U.S. imperyalismo. Ligalig at lagim ang nakalatag sa panganorin. Nilapastangan ang dangal ng babae, mahigpit na pinasusunod ang di makatarungang paghahati ng gawain at bunga nito. Walang maasahan sa mga pinuno, o sa batas na laging nilalabag ng mga mandarambong. Paano mapapalitan o mababago ito? Paano makatatakas sa minanang kaayusan? Paano magkakaroon ng katapatan, pagkakapantay-pantay, kaakibat ng pamamayani ng katuwiran at kabaitan? Anong magandang kinabukasan ang maasam-asam ng mga kabataan?

Mga klasikong suliranin itong binuno at dinaliri ng mga pantas mula pa sa Gresya nina Plato at Aristotle hanggang sa Kaliwanagan nina Rousseau, Kant, Hegel, John Stuart Mill, Adam Smith, Saint-Simon, Marx at Engels. Malinaw rin na ang solusyon ni Amando, na guro at tagapagmobilisa ng anakpawis sa bukid, ay paglakbay sa bagong lipunan ng Tomayon, na sa panahon ni Aguilar ay Mindanao. Bumalik muli bilang maykayang tao na handang tumulong sa mga anak-dalita. Samantala, bagamat nanalo siya bilang kandidato ng repormistang partido, ang Bukluran ng Malayang Mamamayan, malakas pa rin ang kapangyarihan ng

salapi ni Don Rehino. At nangangasiwa pa rin ang korap na administrasyon sa nayon at lungsod. Wala pang makatuturang pagbabagong pampolitika at pang-ekonomiya.

Kaugnay nito, maapoy ang problema ng kapangyarihan. Saan nagbubuhat ito, sa salapi o sa katuwiran ng tao, sa pagkakasundo ng mayorya o sa pagtalima sa isang absolutong aral? Sa eleksiyong idinaos, nasaksihan natin ang iba't ibang paraan ng pandaraya't pandarambong, kaalinsabay sa marahas na rebelyon ng mahihirap. Sinanay at isinapraktika ng mga magbubukid ang kanilang karapatan bilang mamamayan. Ngunit sinagkaan sila ng awtoridad ng pag-aari, relihiyon, alinsunod sa doktrina ng tradisyong igalang ang may prestihiyo o katanyagan. Bagamat laganap na ang sekularisasyon, kung saan ang talino at kaalaman sa siyensiya, at pragmatikong rason, ang umuugit sa komersiyo, hindi mawawala ang kasakiman at pag-iimbot habang walang tunay na pagkakapantay-pantay. Daig ang rason, ang matinong kaisipan, ng simbuyo ng damdamin, udyok ng pagnanais, at hilig ng katawan. Di mapasusubalian ang diyagnosis ng mga dalubhasang radikal: nakasandig ang kilos at kaisipan sa materyal na relasyong pamproduksiyon at paghahati ng yaman at kapangyarihan.

Sa pista at sa rituwal ng pasiyam at kasalan, nanaig ang dating gawi at nakaugaliang praktika. Sagrado ang lahi, ang kamag-anakan sa dugo, na siyang saligan ng etsapwera: sina Sikuterat, Lucas, Pedro, atbp. Hindi madaling baguhin o palitan ang nakahiratian. Gayumpaman, may positibong elemento ang mahuhugot sa praktika ng bayanihan, matimping paggalang sa ninuno, pagpuri sa kontribusyon ng kababaihan, at pagdakila sa espiritu ng komunidad.

Walang patid ang pagbabago sa mundo, laging may pag-iibang maaasahan sa agos ng kasaysayan. Naging halimbawa ni Aguilar ang eleksiyon ng 1951 na nanalo ang nasyonalistikong pangkat nina Laurel at Recto. Gayunman, ang tunay na nagwagi ay si Magsaysay na hinirang na "Man of the Year" ng *Philippine Free Press* (Constantino 1978, 247). Sa tulong ng Civil Affairs Office ng CIA, na pumatnubay kina Magsaysay at mga kaalyado sa NAMFREL, naging malinis ang eleksiyon. Isang himala ito. Sa nobela, nanalo sina Amando at Siray (na naghunos sa organisasyon ng Buklod), ngunit naghabol si Don Rehino kaya hindi nagkaroon ng pagbabago ang mga opisyal sa Sulitan.

Ang Estado ay nasa panig pa rin ng uring may-ari. Ang simbolikong komunidad ay lumipat sa Tomayon, isang mala-utopyang purok. Tawag nga ni Amando: iwan na ang kabulukan ng Sulitan, magpundar tayo ng malayang lipunan sa ibang lugar ng kapuluan. Ang diskurso ng karapatan, katuwiran, at mga simbolikong institusyong kumakatawan dito ay ililigtas mula sa impiyerno ng Sulitan at ililipat sa Tomayon kung saan ang pribadong kagustuhan ay katalik o kasanib ng publikong interes. Isang laboratoryo ng eksperimentong sosyal ang nasa panimdim ni Amando na ibinahagi niya kay Lino at mga kasama sa Buklod. Praktika ng demokratikong partisipasyong iyon ng mga mamamayan na sinanay at sinubok sa maraming rali, demonstrasyon, at paghahakot ng mga botante sa iba't ibang sulok ng lalawigan.

**Arenang Maluwag, Gipit ang Pagpipilian**

Mapapansing lumipat ang sentro ng nobela: sa halip na masdan ang kilos ng ilang tao, mas nakahihikayat ang kolektibong pagpupunyagi. Sa panig ni Don Rehino, mga bayarang kriminal at utusan ang gumagalaw. Anarkiya ang resulta. Katumbalikan o parikalang komentaryo ang nangyari. Sa planong magapang ang grupo ni Amando, pumayag si Lorina na maging espiya o "fifth columnist" upang isulong ang kapakanan ni Don Rehino. Si Lorina ang kalunyang napahamak. At sa kalaunan, napalitan ang dating papel na tagasunod kay Don Rehino: kailangan ang ama para sa kaniyang anak. Ang pagiging ina, hindi pagkaalipin, ang gumiyagis sa ulirat at namagitan. Pumayag magpakasal. Niregaluhan siya ng balaraw, simbolo ng walang taning na pagnanais na magwawakas lamang sa kamatayan. Kahawig ito ng espadang inilagay ni Tristan sa pagitan nila ni Isolde nang matulog sa kuweba ng leyenda; nang matagpuan sila ng asawa ni Isolde, Haring Mark, ipinalit ang kaniyang espada upang ihudyat ang di matatakasang awtoridad ng patriyarkong monarkiyang nagpundar ng kaharian.

Ano ang ibig sabihin noon? Puna ni Denis de Rougemont: "The meaning of this is that in place of the obstruction which the lovers have wanted and have deliberately set up [the king] puts the sign of his social prerogative, a legal and objective obstruction" (1956, 46). Kung walang pagbabawal sa usapang seksuwal, masisira ang batas ng pagmamana ng lupa at yaman. Sa kabilang banda, nais pag-ibayuhin at pamalagiin ang simbuyo ng pagnanais ang sinasagisag ng espada ni Tristan. Sa panig ng ordeng umiiral, nais putulin iyon at ipailalim sa poder ng monarkiya, kaya pumagitan

ang patalim ng asawang hari. Sa kuro-kuro naman ni Julia Kristeva, matinik ang maipapakahulugan sa espada, at sa balaraw na handog kay Lorina: “Rooted in desire and pleasure (although able to do without them in reality, setting them on fire merely in symbolic or imaginary fashion), love…reigns between the two borders of narcissism and idealization*”* (1987, 6; ikumpara ang opinyon ni Brinton 1959,186-88). Magusot at masalimuot ang mga elementong salik ng pag-ibig, hindi payak o madaling sakyan, na sinala’t pinakinis sa masining na wika (tungkol sa kontemporaneong kabatiran sa usaping pangkasarian sa panitikan, sangguniin si Torres-Yu). Hindi matatarok ang gravitas ng pag-ibig na hindi isinakonteksto sa isang tiyak at kongkretong yugto ng kasaysayan ng espesipikong lipunan.

Marahil totoo ang hinuha ni Kristeva. Bumabalatay sa matusong ganti ni Amando ang isang narsisistikong udyok sa sapilitang pag-amin ni Lorina ng kasalanan. Nang igawad niya ang patawad, hindi lamang siya nakabawi sa pagnanakaw ni Don Rehino kay Sinday. Nayurak din niya ang pagkutyang hamon ni Don Rehino na siya ang ama ng anak ni Lorina. Hindi lamang umangat ang uri niya nang maging mariwasang magsasaka sa Tomayon; naging bayani siya di lamang ng Balani kundi ng kanayunan sa pagkahalal niya. Nag-angkin ng birtud ng pagpapatawad, taglay rin ang simbuyo ng idealisasyon o pagtaas ng katuwirang personal sa isang antas na unibersal, kaparis ng turo ng *Categorical Imperative* ni Kant o ng Bagong Tipan. “Sa akin ang higanti, proklama ng Panginoon” (Romans 12: 19). Kung hindi mamamatay ang binhing partikular, hindi ito sisibol, lalago, mamumulaklak, at mamumunga ng pangkalahatang biyaya para sa lahat.

Ibang klase ng bayani si Amando, hindi negosyanteng burgis kundi sugo ng proletaryong kapisanan. Dito matatanto kung bakit hindi gagawin ni Amando ang ginawa ni Pedro sa *Nangalunod sa Katihan.* Pumagitna siya sa lagay nina Luis sa *Pinaglahuan* at ni Celso sa *Busabos ng Palad:* isang mago, taglay ang mahikang lulunas sa sakit ng katawang pampolitika (body politic). Nag-asal Kristo ba si Amando sa pagpapatawad kay Magdalena/Lorina? Alalahanin na hindi kasal si Kristo sa nagpakumbabang puta. Siya ang Mesiyas ng Sulitan na mag-aakay sa madla, hahawi ng daan sa dagat, patungong Tomayon, ang natuklasang Eden sa Pilipinas.

Hindi lubos na nalusaw ang krisis ng bansa. Nagamot ang sugat ni Amando sa pagpurga ng kaniyang panibugho sa habag sa asawa, si Lorina. Ngunit asawang pansamantala na isinakripisyo sa masokistang pag-angkin sa kasalanan ng babae at sadistikong pagtakwil sa anak ni Don Rehino. Umigpaw sa pagkabiktima at isinabalikat ang bagong yugto ng kaniyang paglalakbay. Bumalik sa kaniyang tabi si Sinday. Pinalaya niya ang sarili sa pagkabenta ng magulang sa mayamang komprador. Nanatiling “birhen” sa puso upang sa wakas ay maaari o maangkin ng lalaking mesiyas ng bagong epoka ng katubusan. Paano kaya maiaangkop ang nakalipas ni Sinday, ang impiyerno ng Sulitan, sa kinabukasang puspos ng tukso at mapanggayumang hamon? Anong pagkukunwari ang isinasanay ni Amando?

Sa pakiwari ko, mahirap ipagsamo ang interpretasyon na si Lorina ay biktima. Siya ang tagausig ng kaniyang kapalaran sa simula pa lamang. Nakisimsim sa aliw sa kaniyang kapasiyahan—mayaman ang amang si Mang Tano, na panginoong maylupa; matalino, may pinag-aralan, masigasig at masayang espiritu. Emblematiko siya ng makabagong kababaihang tahasang malayo na sa posisyon ng mga katutubong kababaihan noong sinaunang panahon (sa pagsasaliksik ni Teresita Infante 1975).

Bakit pwedeng gawing uliran si Lorina? Una, hindi siya naikulong sa kusina o anomang sulok ng tahanan tulad ng karaniwang kabiyak sa asawahang konjugal. Pangalawa, pwede siyang maglibot kahit saan, hindi limitado ang espasyong ginagalawan. Pangatlo, tila aliwan at pakikisalamuha sa alta sosyedad ang pinagkadalubhasaan niya. Ang istatus ni Lorina ay hindi hugot sa dugo ng angkan kundi sa okupasyong pinili; sa malas, tila wala siyang trabaho kundi gastusin ang pera ng magulang sa aliwan at libangan (Parsons 1996, 48). Hindi pakikiapid ang ginawa ni Lorina, bagamat kalunya siya ni Don Rehino, kundi malayang desisyon na pumayag sa pagkasal kay Amando. Tinanggap niya ang limitasyon ng kaniyang kalagayan, at doon umikot at nakipagsapalaran.

**Kakumbakit Mapagpakasakit**

Noong una, sa lipunang industriyalisado, ang imahen ng trabahador ay batay sa matipunong katawan ng lalaki (Hobsbawm 1984, 93). Sa lipunang umuunlad, kahit mabagal, ang dibisyon ng gawaing panlipunan ay komplikado. Bunga nito, ang network ng katungkulan at karapatan ng mga tao ay tahasang komplikado, buhol-buhol at nagpapasigla ng pagpapalitan ng

bagay-bagay: produkto, ideya, haka-haka, panaginip, simbolikong likha ng kulturang nag-uugnay sa lahat (Godelier 1975, 8-9). Sa modernong kabihasnang dala ng kolonisasyong Amerikano, ang awtoridad ng kamag-anakan o relasyon ayon sa dugong minana ay pumusyaw at humina na, bumigay sa awtoridad ng Estado at publikong institusyon (Gerth & Mills 1953). Indibiduwalismo ang patakaran, utilitaryanismo ang ideolohiyang gumigiya. Nakasangkalan ang ugnayang seksuwal sa pagkakasal ng mga indibiduwal. Si Lorina ay kasal kay Amando, suportado ng institusyong sibil at relihiyoso. Bakit nga siya hihingi ng kapatawaran?

Malakas ang impluwensiya ng makaindibiduwalistang Protestang Kristiyanidad sa paglinang sa identidad ni Amando. Produkto siya ng kolonisasyong Amerikano (nag-aral ng siyentipikong agrikultura sa Unibersidad ng Pilipinas sa Los Baños) samantalang maiging nakaugat sa komunidad ng mga pesante at magsasaka. Maiintindihan kung bakit sa *Nangalunod sa Katihan* at *Sa Ngalan ng Diyos*, ang pagpapatawad sa kasalanan pagkatapos ng kumpisal ay pundamental. Pagkatuklas ng katotohanan, kailangang magpatawad o magpaubaya. Paglimiin ang kongklusyon ni Aguilar sa kilabot ng mga napinsala't nasawi sa *Nang Magdaan ang Daluyong* (1945): "Sino-sino ang dapat managot… Hahatol na ang bayan at ang mga nagkasala'y maalisan ng takip sa mukha [alusyon sa Makapiling nagturo sa Hapon kung sino ang mga gerilyang nakabalat-kayo]… At nangakalimot, kusa lamang namang paglimot upang matakip ang isinasagawang pagtataksil… Kabaitan man ngang ikinararangal ang pagpapatawad, sa pagkataong ito ay makasusugat sa damdamin ng bayang naghirap, ang pagpapaumanhin" (65). Tila ipinahintulutan dito ni Aguilar ang pananatili ng sugat o estigmata sa katawan/diwa ng bayani ng Sulitan/Tomayon na nagdurugtong sa napigtal na kahapon at kinabukasan ng bansa.

Ito ang lohika ng salaysay. Kung nagkasala si Lorina, at nagtapat ng kaniyang pagkadapa, kailangang patawarin siya ni Amando. Hindi nakuhang patawarin ng binatang Aguilar ang mga Kastilang nagparusa sa kaniyang ama, ngunit naghunos-dili siya hinggil sa mga kolaboreytor ng Hapon. At sa huling nobela niya, *Ang Patawad ng Patay*, lubos ang pagpapaubaya—sa totoo, pagsuspinde ng husga—sa kalikasan at tadhana ang matandang Heracleo Palmira na naglingkod sa bayan sa gitna ng kataksilan, pagkabigo, at pagtitiis sa kalamidad na hindi na niya makakapiling ang kaniyang asawa o mga anak.

Ang tugon dito ay isa: layon ng nobela na ibalik ang patriyarkong orden na nakasandig sa awtoridad ng malaya't makatarungang komunidad. Hindi lahat ng patriyarko ay buhong o tampalasan. Hindi maaaring maging huwarang babae ang makabagong Lorina, kahit matapang at matalas ang utak, sopistikado't masaklaw ang karunungan. Sa kasaysayan ng ating panitikan, may mga babaeng mapangahas na nagsikap makahulagpos sa tanikala ng maskulinistang pagkaalipin ngunit nangabigo (tingnan ang nobelang *Ang Selosa* ni Lope K. Santos (Santos 1972, 57-58). Hindi maitatatuwa na ang babae/ina ay isinilid at iginapos sa kategorya ng naturalesang kategorya. Susog ni Colette Guillaumin: "The ownership of children, a 'production' of women, in the last resort is juridically in the hands of men. Children continue to belong to the father, even when their mother has the material charge of them in the case of separation…The individual material body of a woman belongs, in what it produces (children) as in its divisible parts (hair, milk), to someone other than herself—as was the case in plantation slavery" (1995, 183). Ironikal na si Amando ay magaling sa agrikultura, sa pag-alaga sa halaman, sa tumutubo't nagbubungang organismo sa kalikasan, ngunit di umano'y bulag sa kultura ng kasariang panlipunan.

Sa pilosopiya ni Hegel, lahat ay nagbabago. Bawa't kongkretong bagay o fenomeno ay itinutulak sa loob ng magkahidwang lakas, sumusulong sa pagsasanib ng mga kontradiksiyon sa isang masagana't mapanlikhang sintesis. Ang panganganak ni Lorina ay may katuturan bilang pangyayari sa larang ng pamilyang banal; malapit ito sa mga mahiwagang puwersang tiwalag sa kontrol ng tao. Kakatuwa ang papel ni Lorina dito. Siya ang behikulo ng puwersang bumabaklas sa patriyarkong batas ng pagmamana at pagkilala bilang soberanyang indibiduwal. Pambihirang papel ang ginagampanan niya. Kalunya ni Don Rehino at asawa ni Amando, si Lorina ang nagsisilbing komunikasyon ng dalawang daigdig: ang industriyalisadong modernidad ng Kanluran at ang malapiyudal at neokolonyal na katayuan ng Pilipinas. Marahil, siya ang simbolo ng utopya na aktuwalisasyon ng potensiyal niya upang maging kasangkapan sa catharsis ng komiko-trahedyang kinasuungan ni Amando.

## Estrukturalistang Sipat


Maipapalagay na isang "anti-hero" si Amando. Nawalan ng ama, ina, at kasintahan, saan siya tutungo

upang matutong sagipin ang nalansag na reputasyon? Nabiyak ang mundo't naharap siya sa bangin. Sa gitna tumutulay si Amando, nagsilbing tagapagtaguyod ng Kalikasan, na unti-unting winawasak ng kapitalismo't imperyalismong patuloy sa pandarambong. Humakbang siya mula sa Sulitan hanggang Tomayon upang iligtas si Sinday, na akma sa takbo ng kalikasan. Walang pahinga ang kaniyang pagbabalik-balikan, ibinabandila ang pangako ng maligayang hinaharap. Dinulutan niya ng masustansyang danas ang diyalektikong konsepto ng "Not-Yet" (Bloch 1973) o sa literal na salin: Hindi-Pa-Muna-Nariyan Na.

Ang papel ng ina, si Aling Siray, ay lumipat kay Lorina na kumatawan sa pinurga't dinalisay na kahapon. Ang kontradiksiyon ng salapi/pamilihan at komunidad sa Tomayon ay hindi nalutas, naipagpaliban lamang, palibhasa'y nakatuon lamang sa mapayapang pagbabago ang nadukal sa naratibo. Walang kongkretong paraiso ang naitanghal, kundi nanatili iyon na indeks ng pag-asa at nagbabadya na kung saan may kapahamakan, nakasilid roon ang ahensiya ng katubusan. Mapaghamon ang pahiwatig ni Aguilar, na mailalarawan sa semiotikang diyagramang susunod dito na sinapupunan ng metakometaryang naimungkahi sa mga proposisyong nailahad:

Kabalintunaan tila ang pagdiin sa katuturan ng panahon, ang masalimuot na pag-inog nito mula sa paligsahan ng kalabaw, pagdukot kay Sinday, pagkamatay ni Aling Siray hanggang sa sinubukang pagpaslang kay Amando. Ang importante ay mabatid at maunawaan kung nasaan ka, ano ang dapat gawin, at sino ang kaharap mo. Dalawang lugar ang kumatawan sa espasyo ng mundo sa nobela: Sulitan at nayong kanugnog (Pingkian, Balani) at Tomayon. Dramatikong mga tagpo sa halip na paglalarawan madetalye sa pook ang bumubuo ng naratibo (Muir 1969).

Teleolohiya ang nakataya, hangarin ng mga binusabos ng mapanikil na sistema. Sa ganitong paraan, masinsing mapag-uukulan ng pansin ang mga motibo, layon, pakay ng mga kilos ng tauhan. Pinakamahalaga ang ideya ng layon o adhikain ng mga tauhan. Bahagya nang masulyapan ang kapaligiran, sukat nang malaman kung sino ang nasa loob ng bahay, nasa ospital o pagamutan, at nasa lansangan. Sa ano't anoman, humantong sa ospital ang pagtakda ng mapanganib na papel ni Lorina (kumpara sa mahinhing Sinday), na dapat maitakda upang hindi magulo ang paghahati ng gawaing panlipunan. Mula parang, bukid, simbahan, plaza, at ospital—ito ang mga makatuturang estasyon sa peregrinasyon ng mga karakter sa nobela na dapat unawain sa kanilang ambil na kakintalan.




**Dayagram 1:** Paralelograma ng Diyalektika ng Hegemonya at Kontra-Gahum

**Pasinaya ng Pagdiriwang**

Sikaping matarok ang di malalagpasang kabalintunaan na inilarawan sa nobela, o katotohanan sa artikulasyon ni Engels: ang kababaihan ang unang proletaryo sa kasaysayan na dapat iligtas. Subalit dito, hindi nailigtas, manapa'y isinakripisyo sa altar ng pagbuo ng bayani (Amando) sina Sinday at Lorina. Si Aling Siray ang matrona ng piksiyonal na malamatriyarkang kaayosan. Siya ang sanggalang sa akusasyon na hindi pantay ang hatol ni Amando. Dapat isakdal din si Sinday. Sapagkat ang ordeng makauri ay nakasalig sa subordinasyong sekswal ng kababaihan, ang maayos na kaligtasan ay nangangailangan ng ideolohiyang nagkukubli sa katotohanan: "The ideological is borne by the symbolic representation of gender-relations, the familial becomes an emotional and imaginary vehicle of any subordination and superordination. It is preferably women who represent the illusory community of the family; they are…the 'representatives of love,' whereas the men represent the law" (Rehman 2013, 247).

Pinili ni Amando ang batas ng puso niya na makapagpapatawid sa mga sakuna at kasawiang tinamo. Iniligtas niya rin sina Lorina at Mang Tano sa kumunoy ng kabulaanan at marawal na pamumuhay. Samakatuwid, kailangang makakuha ng ama ang anak ni Lorina at mailuklok ang mabilisang kilos niya sa masunuring disipliina. Hindi pa rin nadudurog ang imperyo ni Don Rehino at mga buktot na galamay. Gayumpaman, ang mensahe rito ay malinaw: huwag mawalan ng pag-asa, ang kaligtasan ay nasa pagsugod sa barikada na mismong senyas na madudurog ito, masisira, malalagpasan—sa usok at apoy ng pagdurusa't pagkabigo bumabangon ang anghel ng katubusan na maghuhugpong sa Sulitan at Tomayon. Bukas, malaya't mariwasang sangkapuluan ang babati sa atin.

Marami pang nakaiintrigang dimensiyon ang makikilatis natin—halimbawa, ang dalawang karakter na tagapamagitan dito, sina Paulino at Sikuterat, o si Abogado Gahaman. Sukat nang wakasan ang talakay sa paghahayag na ito ang pinakamahalagang obra-maestra ni Aguilar na mapagsuring naglalarawan ng kalagayan ng Pilipinas pagkatapos ibigay ang huwad na kasarinlan at maghari muli ang mga oligarkya ng asendero, komprador, at burokrata-kapitalista na itinangkilik ng Estados Unidos upang mapanatili ang hegemonya ng monopolyo kapitalismo. Sumusunod si Aguilar sa "agos ng pag-unlad at pagkakasulong" na kahit ang matandang Fausto Galauran ay nakikiugma. Bagamat walang direktang tuligsa sa imperyalismo, ang kritisismo ng mapagsamantalang masalapi/kapitalista, ang pangungutang, suhol sa mga opisyal, at iba pang katangian ng demokrasyang burgis ay sapat na upang ituring na radikal at progresibo ang ibinubunsod ng ikinintal na larawan ng kabuhayan sa mga taong 1946-1951 sa Pilipinas noong kasagsagan ng Cold War.

Unawain natin na ang pinakamaselang problema sa kanayunan, hanggang ngayon, ay ang usapin ng lupain (tulad ng Hacienda Luisita, mga tirahan ng mga sakada sa Negros at mga teritoryo ng Lumad sa Mindanao) at malupit na pagtrato sa mga empleyado sa agrikultura, minahan, troso, atbp. (kahawig ang patakarang pampolitika ng Partido Sosyalista [Gimenez-Maceda 1990; isang pagkukulang ang pagkalimot kay Aguilar sa ulat ni Almario noong 1974). Matindi pa rin ang mensahe ni Aguilar. Ambag ito sa pagbuo at paglusog ng Nagkakaisang Hanay sa pakikibaka upang matamo ang pambansang demokrasya at awtentikong kasarinlan. Sa bisyon ng utopyang pinakamimithi, sinalamin ang nakaririmarim na realidad at sa negasyong ito, sa diyalektika ng kasaysayan at interbensiyon ng lakas-paggawa, naipakita ni Aguilar na may kaakit-akit na kinabukasan ang dinuduhaging sambayanan. Pambihira ang maigting at maantig na sining ng nobelistang nagmana ng mapanuring talisman ng Katipunan at rebolusyonaryong tradisyon ng bansa, sining na dapat nating ipagkapuri bilang sandata sa pagsulong ng sosyalistang transpormasyon ng buong daigdig.

**Mula Analisis Tungo sa Pansamantalang Sintesis**

Testimonyo ang akdang ito na dagling sinagupa ni Aguilar ang hamon ng lumalalang krisis sa panahon ng Cold War. Ubos-kayang binalikat ang pag-unawa sa kahulugan at implikasyon ng masalimuot na pakikibaka ng kapuwa Pilipino laban sa minanang institusyon, praktika't kaisipan. Pagkatapos ilahad ang pagdurusa ng taumbayan sa kalupitan ng mananakop, na iniulat sa librong *Nang Magdaan ang Daluyong* (1945), sinikap ni Aguilar na itampok ang tunggalian ng mga uri sa nayon ng Sulitan. Pag-usig sa analisis ng hidwaan hinggil sa makatarungang paghahati ng produkto (ani) at makatuwirang pagtrato sa ingkilino't trabahador ang susing usapin. Isinadula ni Aguilar ang maapoy na labanan ng pesante-versus-maylupa sa paraan ng

paghimay sa politika ng pangangailangang seksuwal. Nakabuod ito sa tanong: sino ang may karapatan sa katawan at diwa ng kababaihan? Pagliripin ang motibo ng pagkatiwalag ni Amando Magat sa larang ng pagnanais sa babae at repleksiyon ng pagkilala ng sinusuyo. Hindi niya itinakwil ang babae; mistulang itinadhana ang pagkakakilanlan na nagbuhat sa komunidad, hindi sa asawa. Sa pangungulila, ibinuhos ni Amando ang sigla sa pagkamit ng pagsasarili sa tulong ng inarugang dunong at tiyaga. Ang mga tagpo ng engkuwentro niya kay Lorina ay maipapasiyang bahagi ng proyektong igupo ang patriyarkong orden at itaguyod ang demokratikong paninindigang nabalaho sa masahol na karanasan niya sa kamay nina Don Rehino, Mang Sayas, at Mang Tano.

Sintomas ng paglaho ng rehimeng piyudal ang pagbuo't paglawak ng impluwensiya ng kolektibistang Buklod ng Malayang Mamamayan. Sa halip na patriyarkong totem ang suubin ng magbubukid, ina ng punong protagonistang Magat, si Tandang Siray ang hinirang na simbolo ng inaapi't nagsisikhay na komunidad. Binhi't bunga iyon ng mobilisasyon ng sosyedad sibil sa kanayunan. Tumingkad ang kontradiksiyon ng puwersang yumayari (pesante, anakpawis) at ugnayang umiiral na tahasang sumusugpo sa potensiyal ng taumbayan. Ang tusong Don Rehino ang lalaking sumasagisag sa patriyarkong piyudal. Alalahanin na hindi lamang lupain at tao ang binibili niya kundi pati kaluluwa at espiritu. Si Sikuterat ang saserdote ng mistipikasyong laganap. Mula rito ibinalangkas at inugitan ng tagapagsalaysay ang salamangkang dulot ng mga mersenaryong tagamaniobra ng madla, mga aksiyong nagsisiwalat sa kasamaan ng mga oportunistang politiko at opisyal ng burokrasya sa Maynila na mahigpit na kasangkot sa sigalot sa kanayunan.

**Sa Paglagom, Ano ang Dapat Gawin?**

Napansin na natin sa simula na ang halalan sa Sulitan ay salamin ng madaya't mapanlinlang na ideolohiya't praktika ng mga uring naghahari. Sa larang ng pagkontrol sa publikong yaman nagpapaligsahan ang lakas ng salapi ng komprador/maylupa laban sa lakas ng etikang makalipunan, ang damayan at pagmamalasakit ng komunidad (*Sittlichkeit*, sa pilosopiya ni Hegel [1977, 266-76]). Hindi lahat ay nalubog sa kabulukan; may pag-asang nakaluklok sa malay at budhi ng anakpawis. Nakataya ang karapatan at dangal ng mga magsasaka't trabahador sa harap ng walang humpay na paninikil at panggigipit ng Estadong bumubuwelo sa utos ng oligarkiyang nagsisilbing alila ng ideolohiya't armadong aparato ng imperyalistang kapital.

Naungkat na sa pambungad ang tanong kung matutuklasan kaya ang kaligtasan ng sambayanan sa pormalistikong rituwal ng eleksiyon. Walang pasubaling hindi, bagamat nagsilbing okasyon iyon upang maitambad ang katotohanan sa kombulsyon ng budhi ng mga anakpawis. Naimungkahi na natin ang padron ng pagsubok at paglipat ng kabuhayan ni Amando sa malayong lugar na magdudulot ng pagkakataon upang magpanibagong-buhay (tulad ng EDCOR ni Magsaysay para sa ilang gerilyang sumuko [Constantino 1978, 240-41]). Naibunsod sa hakbang na isinakatuparan ni Magat ang pagtimbang sa bisa ng produksiyong siyentipiko't makalipunan bilang puwersang sisira sa atrasadong relasyong panlipunan. Iyon din ang makapagpapalit sa ugnayang mapanupil ng ama-anak, at makasusulong sa transpormasyon ng awtoritaryang pamilya at sa pagwasak ng pribadong pag-aari sa reproduktibong lakas ng babae. Pag-isipan natin ang katuturan sa naratibo ng pakikipagsapalaran ni Amando, ang pagkabigo niyang maging asawa ni Sinday sa umpisa at sa gayo'y maging ama ng pamilyang tradisyonal. Anong oryentasyon ng papel na ginanap ni Amando bilang mapanlansing kritiko ng dominasyon ng patriarkong kapangyarihan? Nawasak ni Amando ang kaharian ni Don Rehino; ang tahanan ng burgesyang kamag-anakan ay naging arena ng politikang seksuwal, isang palapag sa transisyon mula piyudal at makanegosyanteng yugto ng moda ng produksiyon tungo sa isang makaproletaryong kaayosan ng pakikipagkapuwa-tao (Zaretsky 1976; Bourdieu 1998; Haug 1992).

Sa lundo ng kasabikan sa pagkakalas ng banghay ng nobela, sandaling humupa ang silakbo ng rebelyon ng masang nilulupig. Sadyang ibinaling ng awtor ang punto-de-bista sa problema ng ugnayang seksuwal/sikolohikal. Sa ligalig na sumindak sa di umano'y panatag na Sulitan (tumatayo sa Republikang nasaklot ng giyera ng Huk at ng rehimeng Magsaysay/CIA), suriin nating muli ang bumabalisang tanong: nasaan ang kaligtasang pangako ng titulo ng nobela? Matatagpuan kaya iyon sa Tomayon o sa pagkabigo sa iskema nina Lorina at Don Rehino? Sa planong isinaayos ng dalawang naglalaro ng biruang seksuwal, masisinag ang arketipong disenyo ng takbo ng pamilihan/

palengke sa pagpapalitan ng katawan ng babae bilang komoditi o kagamitan—isang instrumento, hindi halagang may sariling layon o nesesidad. Bawal ang incest, pagtatalik ng mga kadugo—ito ang prinsipyo ng dinamikong lipunan. Pahiwatig ito ng mga ina, marahil multo ni Tandang Siray. Bagamat lumipas na ang panahon ng matriyarkong lipunan (Thomson 1965; Mangahas 2019) at

mga babaylang katutubo, ginamit ng naratibo ang kompetisyon ng mga lalaking supling ng sinaunang Hari-Ama bilang alegorya ng pagtatagisan ng mga komprador-maylupa kasabuwat ang burokratiko-kapitalista sa eksplotasyon ng likas-yaman at lakas-paggawa ng bansa. Walang kahihinatnan ang kompromisong pinasok ng mga kolonisadong oligarkiyang kasapakat ng imperyalismo. Malulustay ang enerhiya o elan vital ng taumbayan, kasangkot na ang potensiyal nito sa paglikha ng isang maluwalhating kinabukasan para sa sangkatauhan.

Sa wakas, nagwagi si Amando Magat at ang prinsipyo ng kolektibismo. Matamang naibunyag sa ama ni Lorina na walang kapangyarihan ang mga patriyarkong bulag sa pagsulong ng sibilisasyon. Nabuwag ang awtoridad ng ama sa pag-igting ng indibiduwalismo (nina Lorina at Sinday) at pag-ibayong sigla ng kapisanan ng Buklod. Malabo ang kinabukasan ng anak ni Lorina, samantalang si Sinday ay maparaang nakatakas sa aliping mentalidad. Naligtas kapuwa sa pagsisisi at subordinasyon sa lumang kaayusan. Igiit natin dito ang distansiya ng Tomayon at Sulitan, ng masalimuot na kontradiksiyon ng Estado at sosyedad sibil, ng publiko at pribadong paninindigan, ang ilang nagmamay-ari at maraming ninakawan. Walang pasubaling si Magat ang representatibo ng modernidad sa kaniyang matagumpay na paglinang ng kaniyang pag-aari sa Tomayon, ang mala-utopyang antitesis o katumbalikan ng Sulitan.

Subalit nag-uulik-ulik ang sensibilidad ng kritiko. Pahiwatig ba ito na lahat ay maaaring tumahak sa landas ni Magat at paunlarin ang sariling kapakanan sa ngalan ng komunidad? Paano ang sawimpalad na mga magbubukid at trabahador na hindi nakapag-aral o walang motibasyon, patuloy na nagdarahop, nalugmok sa mga nayong katulad ng Sulitan at sa mga maalinsangang looban ng Maynila? Lahat ba ay puwedeng maging Amando Magat, matalino't mapangahas na bayani ng *Kaligtasan*?

## SANGGUNIAN


Aguilar, Faustino. 1945. Nang Magdaan ang Daluyong. Maynila: PSP Press. Print.

———. 1951. Kaligtasan. Quezon City: University of the Philippines, Filipiniana Library. Typescript.

Bourdieu, Pierre. 2001. Masculine Domination. Stanford: Stanford University Press. Print.

Constantino, Renato. 1978. The Philippines: The Continuing Past. Quezon City: The Foundation for Nationalist Studies. Print.

Haug, Frigga. 1992. Beyond Female Masochism. New York: Verso. Print.

Hegel, G.W.F. 1977. The Phenomenology of Spirit. New York: Oxford University Press. Print.

Mangahas, Fe. 2019. Ang Babaylan sa Kasaysayan. Quezon City: U.P. Diliman Gender Office. Print.

Thomson, George. 1965. Studies in Ancient Greek Society. New York: The Ciradel Press. Print.

Zaretsky, E. 1976. Capitalism, the Family, and Personal Life. New York: Harper and Row. Print.